Tomo XXXVI Blg. 1

Agosto - Oktubre 2011

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila



OPISYAL NA TINDIG NG MATANGLAWIN UKOL SA BASILAN INCIDENT

Nakikiisa kami sa pagdadalamhati ng bansa sa naging kapalaran ng labing-siyam na sundalong nasawi, at iba pang nasugatan, sa engkuwentro ng militar at Moro Islamic Liberation Front (MILF) nitong ikatlong linggo ng Oktubre sa Basilan. Datapuwa, kaakibat ng pakikiramay namin ay ang paalaala sa publiko, at lalo na sa gobyerno, na tukuyin muna ang totoong nangyari at tiyakin ang mga salik na nagdulot sa insidente bago magpasya sa mga hakbanging magsisilbing tugon sa nakalilipas na pangyayari.

Nakababahalang matapos maganap ang naturang engkuwentro, umalingawngaw ang mga usap-usapan ng demoralisadong sandatahang-lakas, at mga banta ng destabilisasyon at kudeta laban sa pamahalaan. Malinaw itong pananamantala sa kalituhang bumabalot sa pangyayari sa Basilan upang maisulong ang mga adhikain ng ilang radikal na elementong maka-Kanan sa loob ng gobyerno. Iginigiit ng publikasyon na hindi masosolusyunan ng mga ganitong pasistang panukala ang tensiyong bumabalot sa Katimugan—ni hindi nito magagarantiya ang hustisya para sa mga nasawi.

Higit sa lahat, sa kabila ng mga panawagan na “all-out-war” kontra MILF, binibigyang-diin ng Matanglawin na walang nagtatagal na kapayapaan kung nakasandig lamang ito sa instrumento ng karahasan. Manapa, kung ngayon pa lamang na air strikes ang inilunsad ng militar laban sa mga sesesyonistang Moro ay nasa 10,800 katao na ang nadamay at napilitang lumikas, paano pa kaya kung mauwi ang lahat sa isang malawakang giyera? Mula dekada ’70, tinatayang umabot na sa 120,000 katao ang nasawi sa patuloy na labanan sa Mindanao, bukod pa sa hindi mabilang na nasugatan. Isama pa riyan ang higit sa dalawang milyong sibilyan na kinailangang lumikas dulot ng digmaan. Wala lamang kahihinatnan ang pakikidigma kundi pagdanak ng dugo at pagkasira ng mga kinabukasan.

Hindi ito ang unang beses na hinarap ng gobyerno ang isang paghamon sa kapangyarihan nito, at hindi rin ito ang unang beses na isa sa mga mungkahing solusyon ay ang pakikidigma. Matatandaang suliranin na ng pamahalaan ang komunistang insurhensiya noon pa mang huling bahagi ng dekada ’40. Naging matagumpay man ang dating Pangulong Ramon Magsaysay sa paglupig sa mga rebeldeng Hukbalahap sa pamamagitan ng armadong komprontasyon, muling nabuhay ang kilusang komunista sa pamamagitan ng New People’s Army ilang dekada lamang ang nakakaraan. Ang dahilan: natuldukan man ang armadong pakikibaka ng mga Huk laban sa pamahalaan, nananatili pa rin naman ang mga isyu—tulad ng kawalan ng katarungang panlipunan—na pinag-ugatan ng armadong pakikibaka.

Malaki ang posibilidad na ganito rin ang kalalabasan ng isang armadong komprontasyon sa mga rebeldeng Moro. Maaaring magapi ang MILF, ngunit kung hindi rin naman matutugunan ang mga usaping pinagmulan ng sigalot, ginagarantiya lamang ng mapangwasak na epekto ng digmaan ang pananatili ng hinanakit, pagkamuhi, at ang posibilidad ng pagkakatatag ng isang kilusang mas radikal pa sa MILF.

Sa isang banda, hindi rin tiyak na magiging matagumpay ang gagawing opensiba ng militar kontra MILF sa okasyong ituloy ang giyera. Hindi ba’t minsan nang naglunsad ng malawakang digmaan ang pamahalaan laban sa naturang armadong grupo? Ano ang nangyari? Bagaman ipinagmamalaki ng dating Pangulong Joseph “Erap” Estrada na nakubkob ng militar ang karamihan sa mga kampo ng MILF noong nagdeklara ito ng “all-out war” ilang taon na ang nakakaraan, hindi matatangging buhay na buhay pa rin ang kilusan magpasahanggang-ngayon.

Sa anumang digmaan, hindi sigurado kung sino ang magwawagi; ang tiyak ay mayroon at mayroon pa ring masasawi. Kung magpapadalos-dalos ang pamahalaan sa pagdedesisyon at kung igigiit pa rin ng ilang elemento sa gobyerno, lalo na sa militar, ang armadong komprontasyon, maaaring sa halip na makamit ang hustisya para sa mga sundalong namatay, maging lunsaran lamang ang giyera upang madagdagan lamang ang pagbubuwis ng buhay.

Huwag na sana nating paabutin pa sa ganoong sitwasyon upang mapagmalay lamang natin ang magiging bunga ng pagtalikod sa usaping pangkapayapaan.

Sa ganang amin, nananatili pa ring sa hapag ng negosasyon ang tunay na pundasyon ng kapayapaan sa Mindanao.

Matanglawin
Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral
ng Pamantasang Ateneo de Manila

Robert Alfie S. Peña, BS ECE ’13
Punong Patnugot

Tricia Ann N. Mallari, BS Mgt ’12
Katuwang na Patnugot

Rico A. Esteban, BS CoE ’12
Nangangasiwang Patnugot
Patnugot ng Web-Teknikal

Ma. Paola Rica C. Hernandez, AB COM ’12
Patnugot ng Sulatin at Saliksikan

Larz Anthony D. Diaz, BS Mgt-H ’12
Patnugot ng Sining

Chelsea Kate P. Galvez, BS MIS ’14
Pansamantalang Tagapamahala ng Sining

Geneva Francesc C. Guyano, AB DS ’13
Patnugot ng Lapatan

Miguel Paolo P. Rivera, AB-MA PoS ’13
Patnugot ng Web-Sulatin

Michaella Paula M. Aldea, BS HSc ’14
Tagapamahala ng Pandayan

Victorino Mariano O. Floro IV, AB Ec-H ’13
Tagapamahala ng Pananalastas

Marvin T. Lagonera, AB-MPM ’15
Ingat-Yaman

Jan Fredrick P. Cruz, AB Ec-H ’14
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot: Iman Tagudiña, Eliza Sallao, Marvel Mesinas

Xavier Alvaran, Noel Clemente, Pristine de Leon, Abegail Esteban, Virna Guaño, Arnold Lau, Rhea Leorag, Raphael Limiac, Johnet Lopez, Brylle Madulara, Leslie Mendoza, Wel Mendoza, Kevin Nera, Reizle Platitas, Exequiel Salcedo, Krisha Santos, Tiffany Sy, Charlene Tolentino

SINING
Mga Katuwang na Patnugot: Chelsea Kate Galvez, Michelle Garcia

Marie Aquino, Matthew Dumlao, Monica Esquivel, Dyan Francisco, Jeudi Garibay, Mikhail Manginsay, Vayle Oliva, Sam Santos, Carol Yu

LAPATAN
Katuwang na Patnugot: Benjhoe Empedrado

Patricia Avila, Meg Castrillo, Lance Bitong, Rizza Detosil, Arron Sese, Eldridge Tan

WEB
Donald Bertulfo, Anna Sangkal, Jigs Sevilla

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala: Vera Pinera

Natassia Austria, Arthur Buena, Nicole Combate, Rizza de Jesus, Mox Erni, Daniel Lumain, Joyfie Medina, Chin-Chin Santiago, Bianca Vinoya

PANANALASTAS
Katuwang na Tagapamahala: Jeah Dominguez

Ryan Rojo, Levy Rose IV, Marcel Villanueva

LUPON NG MGA TAGAPAYO

Chay Florentino-Hofileña
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles
Kagawaran ng Filipino

Lech Velasco
Programa ng Sining

Mark Benedict Lim
Kagawaran ng Filipino

Dr. Benjamin Tolosa
Kagawaran ng Agham Politikal
Tagapamagitan

MULA SA PATNUGUTAN

Pagbabago

Lumang tugtugin na ngang maituturing ang kasabihang pagbabago lamang ang tanging bagay sa mundong hindi magbabago. Sa dami ng beses nang naulit ang mga kataga, marami na marahil ang hindi naniniwala. Para sa pangkaraniwang Filipino, ang pagbabago ay isa lamang sa maraming pangako ng mga politiko tuwing eleksiyon. At gaya nga ng iba pang mga pangako, ang pangako ng pagbabago ay nananatiling nakapako.

Hindi na nga maipagkakailang napakaraming bagay ang nagbabago at patuloy na bumabago sa ating mga buhay. Nariyan na ang paglawig ng paggamit ng Internet, na siya namang humahamon sa ating nakagawian nang mga pananaw sa maraming bagay. Binago nito ang paraan ng pamamahayag at pagtanggap natin ng impormasyon. Sabay na lumalawak at lumalalim ang ating pang-unawa sa iba’t ibang usapin. Di tulad ng dati, ang pagbabagong ito ay nagbibigay daan sa higit na interpretasyon at kuro-kuro para sa bawat isyu.

Sa ating pamantasan din ay patuloy ang pagbabago. Nitong taon lamang ay ating kinilala ang bagong pangulo ng unibersidad. Kasabay din nito ang pagkilala sa mga bagong pangako’t gampaning dala ng kaniyang bago ring pribilehiyo’t pasanin.

Ngunit para sa iba, nananatiling mailap ang katuparan ng mga pangako. Nananatiling malayo ang pagbabago, bagaman napakatagal nang hinihintay ito. Ang EPIRA, halimbawa, at ang pangako nitong reporma higit isang dekada na ang nakararaan ay wala pa rin hanggang ngayon. Napakataas pa rin ng ating binabayaran para sa koryente, at napakarami sa ating mga kababayan ang patuloy na nangangapa pa rin sa dilim.

Totoo ngang hindi na natin matatakasan ang pagbabago. May ilang nakasasabay, maaaring ang iba nga’y sila pa mismo ang nagsisimula ng pagbabago. Ngunit nananatili ring totoo na higit na marami ang tila tuluyan nang napag-iiwanan nito. Kung kaya, sa puntong ito, isang tanong ang nananatili—nasaan ka sa gitna ng pagbabago?

Isang mapagpalayang pagbabasa sa inyong lahat. M



TUNGKOL SA PABALAT

sining nina Jeudi Garibay at Mich Garcia

Tunay na binago ng Internet kung paano tayo tumatanggap at nagpapadala ng impormasyon. Basta't may access sa Internet, kaya na ng sinumang magpaskil ng mga larawan, maglimbag ng mga artikulo o mag-upload ng video. Samakatwid, pinalawig ng Internet ang kakayahan ng bawat isang magpahayag. Higit pa sa pagpapadaling ito, pinalawig din ng ng teknolohiyang ito ang kakayahan ng pamamahayag dahil may kakayahan na ang mas nakararaming magpahayag ng iba't ibang kuro sa iba't iba ring isyu. Ngunit sa gitna ng mas malawak na diskurso, napapanatili pa rin bang makatotohanan, responsable at balanse ang pamamahayag? Sa panahon ng Internet at information overload, kinakailangang maging mas mapanuri tayong mga mambabasa ng alternatibong media.

TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kaniyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan—katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan—kabilang na ang kritisismo—ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

PAGWAWASTO

Sa isyu ng Matanglawin Abril-Hunyo 2011 (Tomo XXXV Blg. 6), nagkamali ang patnugutan sa sipi para sa pitak na "Pasubali sa Dilim" ni Dylan Valerio sa p. 5. Ang naturang sipi ay mula sa pitak na "Banat ng Bubuyog" ni Robee Marie Ilagan mula sa isyu ng Matanglawin (Tomo XXXV Blg 4), p. 5. Hindi rin nailagay ang tamang email address ng sumulat ng kolum.

Sa p.6, nagkamali ang patnugutan sa pamagat ng kolum. Hindi "Ikonoklast" kundi "Ikonoklastos" ang tamang pamagat. Hindi rin nailagay ang tamang email address ng sumulat ng kolum.

Hindi nailagay ang Talim ng Balintataw bilang pangalan ng seksiyon sa mp. 22-23. Gayon din, hindi nailagay ang wastong pamagat ng tula ni Jan Fredrick Cruz sa seksiyong ito.

Hindi naman nabigyan ng pagkilala si Chelsea Galvez sa kaniyang ginawang sining para sa artikulong "Lubak-lubak, Patak-patak" sa mp. 27-29.

Humihingi ang patnugutan ng Matanglawin ng paumanhin sa kung ano mang problema ang naidulot ng mga nasabing pagkakamali.

Ang Matanglawin ang opisyal na pahayagang pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat sa pagsipi ng nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha. Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa pahayagan. Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 o sumulat sa patnugutan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (201–202), Manuel V. Pangilinan Center for Student Leadership, Mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108. Maaari ding bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng email sa matanglawin.ateneo@gmail.com.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

Matanglawin
TOMO 36, BLG. 1 | 2011

NILALAMAN

8 — TAMPOK NA ISTORYA: Alternatibong media: Ang patuloy na pagbabago ng pagpapahayag at pamamahayag

14 — MATA SA MATA: Misyon: Ang mga pangako't gampanin ng bagong pangulo ng pamantasan

17 — MATA SA MATA: Tanod ng Tiyera: Kilalanin ang Alyansa Tigil Mina

20 — TALIM NG BALINTATAW: Napag-iwanang Gusali: kuha ni Matthew Dumlao titik ni Noel Clemente

22 — SIGAW NG BAYAN: Nang Maiwan si Juan sa Dilim: Isang pangungumusta sa Electric Power Industry Reform Act (EPIRA)

26 — PULSONG ATENISTA: Pagsubok sa Pagsugod: Ang mas malalim pang mga isyu sa pagtatayo ng SM Blue


29 — PULSONG ATENISTA: Sikil sa Salapi? Diskusyon ng mga prosesong pinansiyal ng mga organisasyon

32 — KILATISTA: Kagat ng Katatawanan: Pagsilip sa kultura ng comedy bar

35 — DUGONG BUGHAW: Nakain Ka ba ng Isda? ni Christoffer Mitch Cerda

38 — BAGWIS: Mich Garcia at Brylle Madulara; Noel Clemente; Rico Abelardo

OPINYON



Eskaripikasyon

Robert Alfie S. Peña
robertalfiepena@gmail.com

Tawag-tugon

Hindi pa naman siguro tayo bingi at pagod sa pakikinig at paglingon sa iba't ibang tawag?

Isang di-malilimutang alaala ang huling pabigkas na pagsusulit ko sa Ph 102 kay Dr. Guss Rodriguez. Isang tanong lang ang nais sagutin ng buong haba ng unang dalawang klase ko sa pilosopiya: ang tanong ng katarungang panlipunan at ang posibilidad nito sa ating lipunan. Nalipat ang usapan namin ni sir mula sa mga tinalakay sa klase tungo sa isyu ng kung ano ang balak kong gawin sa napili kong propesyon upang itaguyod ang katarungang panlipunan. Mas interasado raw siya rito.

Binanggit ko ang iba't ibang bagay na maaari kong gawin sa hinaharap. Dahil engineering major ako, marami akong ibinigay na aplikasyon ng teknolohiyang makatutulong sa mga taong naisasantabi, lalo na iyong hindi naaabot ng kumbensiyonal na gamit nito. Sa tingin ko, napatunayan na namang kayang baguhin ng tao ang kaniyang lipunan gamit ang teknolohiya. Sa huli, binanggit ko ang aking saloobin na, sa totoo lang, mayroon akong pagdududa. Isang pagdududa sa mismong kayang gawin ng teknolohiya dahil tulad ng iba pang binuo ng tao, ang teknolohiya ay may dalawang mukha. Ang tanong ay: Para saan nga ba ito? Sa ikabubuti ng tao? Dahil teknolohiya ang napili kong propesyon, ano na ngayon ang mangyayari sa akin? Sa puntong ito nagsalita si sir. Huwag daw akong mag-alala dahil darating ang "tawag." Marami akong tanong na bitbit papasok ng de la Costa, ngunit mas marami pa paglabas ko.

Dumating ang Th 141, sa klase ni Dr. Bobby Guev. Binigyan kami ng ilang minuto upang basahin ang isang tekstong nagsilbi bilang panimulang panalangin namin sa klaseng iyon. Tinalakay ng teksto ang iba't ibang mga boses at kung paano nila tayo tinatawag sa iba't ibang direksiyon. Isa iyon sa mga bibihirang pagkakataon ng tunay na pananalangin para sa akin. Ayon na rin sa teksto, maraming boses ang tatawag. Ngunit sa kailaliman ng ating loob ay alam natin kung anong boses talaga ang dapat pakinggan. Pakinggan ang mas dakilang boses. Pakinggan ang boses na humahatak sa iyo. Iyon ang tunay na tawag. Bilang tao, baka nga alam talaga natin ang tawag ng pagpapakatao.

Sa isa pang klase, nakita ko kung paano tumugon sa tawag. Makikita ito sa mga minsan ding tinawag, ang mga propeta. Mapapansing madalas tawagin bilang propeta ang mga taong may pagkukulang. Masasabi nating ang kanilang tugon ang bumuo sa kanila. Tagapagsalita ng Diyos ang propeta. At sa posisyong ito nila inihayag, hindi lamang ang Diyos, kundi ang mismong mga pagkukulang ng kanilang lipunan. Sila ang naging boses ng mga naisantabi. Bilang tinawag, naging pambihira at bukod-tangi ang kanilang tugon. Sa tingin ko, ang tugon ng propeta ang modelo nating tugon bilang tao. Tinawag sila kahit pa may pagkukulang. Hindi ba't ganito rin ang tingin natin sa ating mga sarili? Laging kulang? At hindi ba't ang pagpapahayag naman ng katarungan ang batayang tugon? At naging paraan nga ng propeta ang kritika sa kanilang paglalantad.

Madaling malunod sa mundong nabuo nating mga tao. Ito ang panahong lumimot lingunin ang direksiyong pinagmumulan ng tawag. Ito ang panahong nasapawan na ng ingay ang tawag. Marami na nga ang nalunod at patuloy na nalulunod. At mas totoo ito sa henerasyon natin higit kailan man. Pinatunayan pa ng ilan na ito ang henerasyong walang basagan ng trip. Baka ang kailangan natin ay ang layong nagmumula sa dinamika ng tawag-tugon. Hindi pa naman siguro tayo bingi at pagod sa pakikinig at paglingon sa iba't ibang tawag? Oo, mahirap pakinggan, ngunit hindi ba't ito naman ang punto ng pagpapakatao? Ang hanapin at pakinggan ang tunay na tawag at tumugon dito? Huwag din nating kaligtaan ang papel ng propeta bilang tagapaghayag, di lamang ng kritika, kundi ng mismong pag-asa na sa tingin ko ay marapat ding bahagi ng kung ano mang tugon natin.

Marami ang naghihintay na lang ng isa pang semestre. Dapat sigurong kilatisin pa kung ang maiiwan ba talaga sa Ateneo ang mahalaga. Baka mas mahalaga ang baon? Pakakawalan na sa mas malawak na mundo, doon susubukin kung pupunta ka kung saan ka tinatawag. Doon makikita kung tutugon ka at kung tamang tawag ang pinakinggan mo. Sa huli, makikitang ang mismong pagdating ng tawag ay ang paghahanap dito.

OPINYON



Parikalang Parirala

Tricia Ann N. Mallari
triciamallari21@yahoo.com

Malapit man, malayo rin

Napakahirap isiping ang ganitong sitwasyon—ang kawalan ng koryente at tubig—ay nangyayari sa kalagitnaan ng Quezon City. Hindi sa isang malayong probinsya o bundok o isla kundi sa isa sa mga pinakamalalaki at pinakamauunlad na lungsod sa bansa.

Ilang taon na ang nakararaan, nang uso pa ang timpalak sa pagsulat ng awit na kung tawagin ay Metro Pop, nagwagi ang isang awitin ni Bayang Barrios na pinamagatang "Malayo Man, Malapit Rin." Mula pa lamang sa pamagat, mahihinuha na ang kaniyang nais na iparating—na may mga bagay at tao na malayo man, malapit rin. Salamat sa mga pag-unlad sa komunikasyon at teknolohiya, nasasabi natin, sa kabila man ng nagtataasang mga bundok o naglalawakang karagatan, na malayo man, malapit rin. Ngunit minsan, sa bilis ng pag-unlad, marami ang 'di nakasasabay at tuluyang napag-iiwanan. Para sa marami, ang pag-unlad, kahit parang ang lapit na, napakalayo pa rin.

Ito marahil ang natutuhan ko sa aking paglahok sa immersion kamakailan. Gaya ng iba pang mga mag-aaral ng Ateneo na nasa ikaapat na taon, nagbabad ako sa isang partikular na sektor. Habang marami sa aking mga kakilala't kaklase ay dumadayo sa mga probinsya upang makipamuhay sa komunidad ng mga magsasaka, mangingisda o mga katutubo, ginugol ko ang tatlong araw ng aking immersion sa isang komunidad dito lamang din sa Quezon City—sa Sitio Payong. Hindi kalakihang komunidad ang Sitio Payong. Matatagpuan malapit sa Old Balara sa Quezon City at Tumana sa Marikina, binubuo ito ng humigit kumulang isang daan at walumpung pamilya na naninirahan at naghahanap-buhay sa walong hektarya ng lupa. Napapaligiran ng ilang ekslusibong mga na subdibisyon ang Sitio Payong, gaya na lamang ng La Vista at Loyola Grand Villas. Sa katunayan, tinawag na Sitio Payong ang lugar dahil ang mga naunang tumira sa dito ay mga caddie o taga-payong sa dikalayuang Capitol Hills Golf Course.

Bagaman napaliligiran ng mga komunidad ng mga may-kaya o nakaaangat sa buhay, nananatiling isang pamayanan ng mga maralitang tagalungsod ang Sitio Payong. Higit pang nakagugulat ay nang malaman namin na kaiba sa pangkaraniwang komunidad ng mga informal settlers, walang koryente o tubig ang Sitio Payong. Dahil nga hindi nila pag-aari ang lupang tinitirikan ng kanilang mga tahanan, hindi sila pinayagang magkaroon ng kuntador. Bunga nito, maliban sa hirap na kanilang iniinda sa paghahanapbuhay, kailangan pa nilang problemahin ang dilim at alinsangan dahil sa kawalan ng koryente at ang pag-iigib mula sa balon o di kaya ay ng nirarasyong tubig. Napakahirap isiping ang ganitong sitwasyon—ang kawalan ng koryente at tubig—ay nangyayari sa kalagitnaan ng Quezon City. Hindi sa isang malayong probinsya o bundok o isla kundi sa isa sa mga pinakamalalaki at pinakamauunlad na lungsod sa bansa. Dagdag pa dito ang pagiging isang "kapitbahay" ng Sitio Payong sa napakaraming malalaki at magagarbong tahanan. Kahit na tila napakalapit nila sa kaunlaran, hindi maikakaila na para sa mga taga-Sitio Payong, ang lahat ay nananatiling malayo.

At marahil hindi lamang ito sa Sitio Payong nangyayari. Paglabas mo sa tarangkahan ng ating pamantasan agad mong matatanaw ang mga tsuper at manininda—may mga taong grasa pa nga. Sa katunayan, sa loob pa lang ng unibersidad makikita mo na ang napakaraming manggagawang humaharap sa kawalang katiyakan ng kontraktwalisasyon. Napakalapit man nila sa pamantasang nangangako ng karunungan at kaunlaran, nananatili namang malayo sa kanila ang katuparan.

Kahit sa atin bilang mga mag-aaral, napakaraming bagay ang malapit man, malayo pa rin. Lalo na sa ating mga Atenista. Bagaman nakakasalamuha natin araw-araw ang mga uring manggagawa, liban pa sa mga gawaing gaya ng JEEP at immersion na naglalayong paigtingin ang ating pagkilala iba pang mga kaganapan sa lipunan, napakarami sa atin ang nananitiling walang pakialam. Gaano man tayo kalapit sa mukha ng kahirapan o kawalang-katarungan, nananatili itong malayo sa ang ating mga kalooban.

Maaaring kasabay nga ng pag-unlad ang pag-iksi ng mga milya, ang paglapit ng distansiya. Ngunit dapat din nating tandaan na maaring kasabay ng kaunlaran ang paglawak o paglayo ng mga pagitan—ng mahirap at mayaman, ng mga pangako at kawalang katuparan, ng pakikilahok at ng kawalang pakialam. Mahirap man na manatiling malayo ang malayo, higit pa rin marahil na masakit iyong malapit na ay nananatili pa ring malayo.



Diwa ang Hidwaan

Miguel Paolo P. Rivera
miggyrivera@yahoo.com

#Occupy

Nawala na ang kahulugan ng magis bilang isang paghahangad na magmahal sa isang di-lubusang matalos na kapuwa.


Sa tuwing ibinabalita ang mga pangyayari patungkol sa pandaigdigang merkado, malimit makakita ng mga manggagawa, trabahador, produkto, o ano mang bagay na masasabi nating hawi sa ating paraan ng pakikipag-ugnay sa merkado araw-araw. Kadalasa'y mga pagbagsak at pag-angat ng iba't ibang mga pigurang nakapaskil sa mahaba at padaloy-daloy na ticker tape ang siyang humaharap sa atin bilang kabuuan ng pandaigdigang kalakalan. Kaya siguro nakamamanghang tingnan ang Occupy Wall Street. Pinangangatawanan nila ang kanilang pagiging mamamayan. Humaharap sa isang higanteng sistema na walang mukha ang libo-libong katawan at kaluluwang sawang-sawa na sa pagkilos ng kasakiman. Tila makata ang buong imahen ng mga protesta, mga katawan laban sa mga abstraktong pigura ng stock market, mga taong nag-ookupa laban sa laging gumagalaw na karakter ng kapital, at ang pamilyar na imahen ng armadong pulisya laban sa mga mamamayan.

Iniisip ko kung maari kayang mangyari ang ganitong uri ng mga protesta sa ating bansa. Isang dahilan marahil ng aking pagdududa ay ang kawalan natin ng mga pampublikong espasyo na naglalaman ng kolektibong pag-alala sa ating pagiging isang bansa. Halimbawa, kadalasang nagiging obheto na lamang ng sakit ng ulo dahil sa trapik at aksidente ang EDSA kaysa sa pagiging isang pag-alala ng ating kalayaan mula sa diktador (ngunit ibang usapin na yata kung nakalaya nga ba tayo sa kaisipang diktatoryal). Kadalasa'y iniisip na lang nating tambayan ng mga kasambahay at ng mga walang panggastos ang mga pampublikong parke. Mas pipiliin pa nating umikot-ikot sa mga naglalakihang mall kaysa mag-ikot sa ating mga museo o sa mga monumento ng ating bansa at pamahalaan upang lasapin ang kasaysayang dala ng mga lugar na ito. Tanungin natin ang ating mga sarili, tuwing kailan natin nararamdamang parte tayo ng isang kolektibo?

Dito pa lamang sa pamantasan, nararamdaman lang natin ang ating pagiging "Atenista" (kung ano man ang ibig sabihin niyan) tuwing may laro sa UAAP at may bonfire. Halos wala nang saysay ang mga motto ng ating pamantasan. Ano nga ba ang ibig sabihin ng katagang 'magis' ngayon? Ayaw man nating aminin, kadalasan lamang nagagamit ang katagang magis bilang literal na 'more,' mas matataas na mga grado, mas magagandang trabaho, mas pagbibigay ng oras para magpuyat at mag-aral. Nawala na ang kahulugan ng magis bilang isang paghahangad na magmahal sa isang di-lubusang matalos na kapuwa. Lahat na lang ng proyekto sa campus, mula sa walang batid na pagbebenta ng kung ano-ano hanggang sa paglalakwatsa upang sumayaw o mag-inuman, basta't hatid sa inyo ng kung ano mang organisasyon, maari nang tawaging nation-building. Nasaan ang ating pagiging nation-builder o ang magis ngayong nangangamba ang mga manggagawa ng PAL? Nasaan ang ating pagiging kritikal at mapagpalaya sa araw-araw na pagpapatakbo sa ating mga organisasyon? Nawalan na ng diwa ang mga katagang ito, responsabilidad nating lahat na ibalik, ihayag at isatao ang pagiging isang Atenista.

Nais ko ring sabihing kailangang maging maingat ang mga nagtatangkang gumawa ng ganitong mga protesta rito sa Filipinas. Kung mayroon mang makukuhang aral mula sa mga protesta sa Estados Unidos, ito ay ang mensaheng hindi sapat ang kawalan ng mga materyal na bagay o tiwala sa pamahalaan upang matulak ang marami upang baguhin ang isang hindi makatarungang isipan. Tinuturuan tayo ng ating mga klase sa Teolohiyang mayroong batayang dignidad ang bawat tao. Nararapat na misyon para sa lahat ng estudyante, kasama na tayo dito sa Loyola, na ihayag ang kawalan ng katarungan ng mga estrukturang sistematikong nag-aalis ng pag-asa at tumatapak sa dignidad ng ating mga mamamayan. Kailangan nating matantong ang tanging lumalaya kapag tumutulong tayo sa mahihirap sa mababaw na nibel ng pamimigay ng mga materyal na bagay ay ang ating mismong responsabilidad na magpalaya. Ipagkait na natin ang mga bagay na sigurado o nakakataba ng puso. Gumawa tayo ng mga masasakit na pagbabago upang mapabagsak ang mga estruktura ng walang katarungan. Sabi nga ng isang Heswita, hindi lang sapat na mayroon pagkilos, kailangang mayroon ding pagkilos sa diwa ng isang tao.





ALTERNATIVE MEDIA: SA PAGHAHANAP NG PAGPIPILIAN AT KIKILINGAN

Tapat sa pagkiling at tapat din sa pag-amin. Gaano nga ba kaalternatibo ang alternatibong media?

nina Ma. Paola Rica Hernandez at Eliza Sallao
may ulat nina Natassia Austria at Kim Luces
sining ni Jeudi Garibay at Mich Garcia
kuha ni Rico Esteban
lapat ni Eldridge Tan

TOTOO, patas, may pananagutan, at hindi naglalagay sa isang tao sa panganib—iyan ang apat na prinsipyong gumagabay sa pamamahayag. Gamit ang mga ito, ginagapan ng mga nasa larangan ang tungkulin nilang buuin ang kuwento ng bayan at ilapit ang publiko sa totoong nangyari: mula sa kung sino ang sangkot hanggang sa kung ano ang dulot ng naganap. Ito ang dahilan kung bakit itinuturing na mahalaga ang media: sila ang nagsasalaysay ng kuwento nating lahat.

Gayunman, lagi't laging may pinanggagalingan ang manunulat. Isa siyang empleadong bahagi ng makinarya ng media. Isa siyang indibidwal na maaaring may kaugnayan sa mga taong paksa ng kaniyang kuwento. Isa siyang nilalang na nahubog ng mga karanasang may kinalaman sa kaniyang lipunan. Isa siyang mamamayan na may pagkiling sa kaniyang mga pinaniniwalaang tao at ideolohiya.

Para sa mga kabahagi ng komersiyal o mainstream media, mahalaga ang pangangalap ng pinakamaraming istorya. Mahalaga ang bawat segundo ng airtime, milyon ang pinag-uusapan. Para naman sa malilit na manlalaro, impluwensiya ang mas mahalaga. Kailangan pagsumikapang makuha ang tiwala ng publiko.

Mula sa dalawang paghahating ito mabubuo ang kasalukuyang mukha ng media sa Pilipinas—masigla at bukas sa lahat. Sa paghahalo ng propesyonal at hindi, sa paglalahad ng kuwento ng bayan, nailalahad na nga ba ang dapat malaman ng madla? Sa pakikilahok ng publiko sa diskusyon, ibang boses na nga ba ang naririnig o nailipat lamang ba ang parehong boses sa ibang bibig?

PAGTALIWAS: SIMULA NG ALTERNATIBONG MEDIA

Ibang mapagkukunan—iyan ang pinakasimpleng kahulugan sa likod ng terminong 'alternative media.' Ibig sabihin, kaiba ang nais iparating ng namamayaning media (komersiyal na media). Iba dahil sa paksa, lawak ng nilalaman o punto de bista.

Alinsunod sa isinulat na artikulo ni Bobby Tuazon para sa Bulatlat.com, ang unang pagsabak ng alternatibong media sa Pilipinas ay ang pagpapalabas ng pahayagan ng Kilusang Propaganda. Inihain ng samahan ang mga artikulong tutugon sa hindi patas na paglalarawan sa mga Filipino na laman ng mga peryodikong Kastila. Sa pagdaan ng panahon, ayon pa rin kay Tuazon, paulit-ulit na binuhay ang alternatibo bilang pagtugon sa iba't ibang uri ng pananakop, pang-aabuso at pagsikil ng kalayaan, kabilang na ang kalayaang magpahayag.

Paliwanag naman ni Chay Florentino-Hofileña, guro sa Kagawaran ng Komunikasyon sa Pamantasang Ateneo de Manila at nag-aambag sa online na publikasyon na Newsbreak, maaaring noong panahon ng dating Pangulong Marcos nagsimula ang alternatibong media. Aniya, nang panahong iyon inalisan ng kalayaang magsalita ang lahat. Hawak ng diktadura ang lahat ng estasyon ng radyo, telebisyon at pati mga pahayagan. Kaya kinailangan talaga noon na may mangahas, nang maiparating sa publiko ang totoong nangyayari sa bansa.

Noon nagsimulang magsulputan ang tinatawag na mosquito press o mga pahayagang ipinagbabawal. Patagong inilathala ang mga pahayagang gaya ng Signs of the Times, Malaya at Mr. & Ms. Special Edition, inere ang Radyo Veritas at ipinakalat ang pahayagang pangmag-aaral kabilang na ang Philippine Collegian ng Unibersidad ng Pilipinas at ang Matanglawin sa Ateneo.

PAGTAWID: PAGPAPANIBAGO NG ALTERNATIBO

Matapos ang rehimeng Marcos, nagbagong muli ang kahulugan ng alernative media. Naging ukol sa mga repormang dapat bigyang-pansin ng pamahalaan ng dating Pangulong Corazon Aquino ang mga inilathala ng alternatibo. Nagbago na rin ang tunguhin nito mula sa pagpapabagsak ng rehimen patungo sa pakikipag-ugnayan sa pamahalaan. Sa pamamagitan ng mga pahayagang alternatibo, ipinaabot ng mga marhinalisado ang kanilang mga pangangailangan upang makabangon mula sa nagdaang rehimen.

Sa pag-usbong ng teknolohiyang nagpabilis sa proseso ng paghahatid ng mga kasalukuyang pangyayari—real-time 'ika nga—nagbagong muli ang alternatibong media at naging lunsaran nito ang Internet. Gayunman, hindi ibig sabihin na lahat ng materyal na online ay maituturing na alternatibo. Paliwanag ni Chin Wong, guro mula sa Kagawaran ng Komunikasyon sa Ateneo at Katuwang na Patnugot sa Manila Standard Today, may tinatawag na totoo at hindi totoong alternatibo.

Sa pag-iiba sa dalawa, nilinaw ni Wong na hindi maituturing na tunay na alternatibo ang mga pagpapalawig lamang ng tradisyonal na nakalimbag at brodkast media, pati na ang mga kasangkapan ng mga institusyong ito tulad ng Twitter at Facebook. Ang mga tunay na alternatibo umano ay ang mga

website na nakalaan para lamang sa mga balita, na hiwalay sa naglalakihang pangalan sa brodkast.

Sinang-ayunan ito ni Hofileña, aniya, "Kaya siguro siya tinatawag na 'alternative' kasi walang kapitalista or big business ang may-ari nito." Dahil doon, hindi alalahanin ng alternatibo ang pagpapanatili ng mga mananalastas bilang isang pribadong kompanya o pangalagaan ang imahen ng pamahalaan bilang nagmamay-ari ng pampublikong media.

KAGIPITAN: KARANSAN NG INDEPENDIYENTE

Kung pahayagan ang gagamitin, kailangan ng humigit-kumulang P300 milyon upang maitaguyod ang readership base na tatagal ng isa o dalawang taon. Kapag radyo naman, magbibilang ng taon para maaprubahan ng Kongreso ang lisensiya para sa pagpapatayo ng estasyon. Maikli na umano ang sampung taon. Papaano pa kaya kapag telebisyon ang napiling gamitin? Dahil sa laki ng kahingian sa pagsisimula ng isang media outlet, pinipili ng malilit na manlalaro ng media na tutukan na lamang ang Internet.

Sa ganitong gana, higit na nagiging malaya ang alternatibong media. Dahil wala na ang malaking gastos sa distribusyon, wala ring gaanong presyur na magpalabas ng maraming istorya at makahatak ng maraming tagasubaybay. Higit din silang malaya sa sensurang bunga ng relasyong pangnegosyo. Higit sa lahat, dahil walang hinahabol na air-time, maaaring maglaan ng mas mahabang panahon ang alternatibo para sa mga piling proyekto.

Patunay ni Raymund Villanueva na direktor, kolumnista, mamamahayag at retratista sa mga alternatibong media outlet gaya ng Kodao Productions, Bulatlat.com at Pinoy Weekly, "[Sa] komersiyal na media, mapa-print man, mapa-radyo o mapa-telebisyon, kailangang makarami para matuwa sa iyo ang iyong desk," pero iba raw ang sistema kapag alternatibo.

Aniya, sa Kodao halimbawa, nakapipili sila ayon sa kanilang hilig, bagaman bawal na tumuon lamang sa iisang aspekto ng produksiyon. "Nariyan ang pagsusulat, pagkakamera, pagsa-sound, pag-iilaw, pag-eedit, pagdi-distribute... lahat, puwede mong gawin," paglalarawan niya.

Ngunit wala naman umanong ipinipilit sa kanila. Boluntaryo iyon; hindi nila ginagawa dahil sa pasuweldo. Katunayan aniya, wala silang natatanggap para sa kanilang serbisyo. Dagdag pa niya, "Kung mayroon man kaming matatanggap, 'yan ang tinatawag naming allowance pero sapat lang ito para [sa] pamasahe at saka pagkain para sa ilang araw." Hindi usapin ang bayad sa mga samahang nagtataguyod ng alternatibong media. Kuwento ni Villanueva, "Kami, parang socialized 'yong rates. Kapagka-people's organization iyan, hindi namin sinisingil ng commercial rates, negotiable. Puwede ring libre, kung kaya ng oras. Puwede rin kaming hindi magpabayad basta naniniwala kami doon sa proyekto."

NANDOON ANG PAGKAKAIBA NAMIN: KAMI AY NAGBABALITA MULA SA PUNTO DE BISTA NG MALILIIT SUBALIT NAKARARAMI SA ATIN.

Raymund Villanueva, Kodao Productions

Sa isang banda, magandang malaya ang mga mamamahayag sa alternatibo, ngunit kapalit nito ang malaking limitasyon sa pondong maaaring ilaan sa gamit sa produksiyon at sa mga manunulat. Maliwanag itong naipakita sa salaysay ni Villanueva, "Kunwari, noong Ondoy, nalubog 'yong isang camera namin noong kino-cover namin ang isang relief mission. 'Yong cameraman namin nalaglag sa imburnal, hindi mo na makita kasi baha e, nalaglag siya kasama ng kamera. Una naming sinalba 'yong camera."

BAGITO: PAGTABI SA KOMERSIYAL

Para kay Wong, ang limitasyong ito mismo ang pumipilay sa kapasidad ng alternatibo. Aniya, "Hindi pa hinog ang mga matatawag na 'tunay' na alternatibo[-ng media] sa Filipinas—mga website para sa balita—sa puntong maaari silang maging impluwensiyal at maaasahang mapagkukunan ng orihinal na balita. Maaaring nakapaglalabas sila ng istorya paminsan-minsan, ngunit wala pa sa kanilang nagiging maunlad sa puntong kaya nilang magsilbi bilang tunay na alternatibo sa tradisyonal na media."

Giit niya, "Hindi ito nakapagtataka. Nangangailangan ng substansiyal na mapagkukunan sa pagpapatakbo ng isang mapagkakatiwalaang organisasyong nagbabalita, kasama na rito ang propesyonal na staff, kahit ano pa mang medium ang gamit."

Ramdam naman ng isang praktisyoner gaya ni Villanueva ang pagturing bilang bagito sa kanilang mga bahagi ng alternatibong media. Aniya, noong una, naging problema talaga nila ang diskriminasyon kahit sa kapuwa mamamahayag. "Para bang ang turing sa iyo ay batang paslit, pero araw-araw nandoon naman din kami nagko-cover katulad nila." Nang magsimula raw silang makakuha ng mga gantimpala sa pamamahayag, unti-unti na raw nabago ito. Ang natitira na lang umano ay iyong sa mismong kakapanayamin.

"Halimbawa mayroon kaming iinterbyuhin na mga opisyal ng gobyerno, 'Tagasaan ka, Bulatlat? Ano nga 'yon?' Sa secretary pa lang, pahihintayin ka na nila kasi hindi ka taga-Dos, hindi ka taga-Siyete, hindi ka taga-Inquirer o Star," pagbabahagi ni Villanueva.

Nakapagtataka namang mayroon pang diskriminasyon laban sa mga kasapi ng alternatibo, lalo pa't madalas nang tumatawid ang mga mamamahayag ng komersiyal sa kabilang dako. Halimbawa nito ang online na publikasyong Newsbreak na sinimulan ng mga kilalang pangalan sa radyo, pahayagan at telebisyon noong 2001. Hindi rin madalang na ang nag-aambag sa isang alternatibong media outlet ay patuloy na nagsusulat para sa komersiyal.

PAGBABAD: PAGKILALA SA ISYU

Kung pareho lamang naman ang mga nag-aambag, paano ngayon naiba ang inihahain ng alternatibo sa dati nang ibinabahagi ng komersiyal? Isyu at pinanggagalingan—iyan ang pagkakaiba.

Pinakatutok ang alternatibo sa karapatang pantao. Kasabay nito ang ang mga itinuturing nilang usaping nakatuon sa pag-unlad gaya ng mga isyu sa kalikasan, kahirapan, edukasyon, katutubo, at katarungang panlipunan. Sa kabilang banda, krimen, politika at mga isyung pampamahalaan tulad ng katiwalian at mga anomalya ang sinusubaybayan ng komersiyal.

Babalik dito ang usapin ng negosyo, mas papaboran ng komersiyal ang kung ano ang

BAKIT KA NASA LARANGAN NG PAMAMAHAYAG, BILANG ISANG MAMAMAHAYAG? MAMAMAHAYAG KA UPANG PANATILIHING MALAY ANG TAO, PARA MABIGYAN MO NG KAPANGYARIHAN ANG TAO SA PAMAMAGITAN NG IMPORMASYON.

Ellen Tordesillas

tatangkilikin ng manonood o mambabasa. Gumamit ng imahen si Villanueva upang pagkumparahin ang dalawa. Salaysay niya, minsan tinulungan ng Kodao ang samahang paysano ng mga magbubukid sa Cagayan upang magsimula ng kanilang sariling estasyon. Matapos ang isang buwan, sinunog ng militar ang estasyon.

Aniya, wala halos pumansin sa istoryang iyon. Nagpatawag pa umano ng press conference ang Kodao ngunit walang nagpunta. Mas pinansin pa umano ang usapin sa ibang bansa kaysa dito. Pasaring niya, "Hindi sila [komersiyal] interesado. Mabuti pa [noong] si Paris Hilton, dumagsa sila."

Bukod pa sa isyung itinatampok, malaki rin ang pagkakaiba ng dalawang mukha ng pamamahayag sa paraan ng pagtrato nila sa mga napiling isyu. Sa alternatibo, pinagsusumikapang magbabad at unawain ang mga usapin. Taliwas ito sa tinawag nina Hofileña at Villanueva na 'parachute journalism' ng komersiyal, kung saan biglaan ang pagsabak at pag-alis ng correspondent sa erya.

Dahil maagap na pagbabalita ang tunguhin sa komersiyal, mahalaga ang mabilis na pangangalap ng istorya. Sa ilalim pa ng na beat system—sistema ng paghahati-hati ng assignment ng mamamahayag—kinakailangang makapaghanda ng tatlo hanggang limang istorya ang mamamahayag. Hindi nakapagtatangkang hindi na nagagawang mag-foster ng ugnayan sa pagitan ng mamamahayag at ng komunidad. Sa ganitong proseso, napananatiling hiwalay ang mamahayag sa kaniyang paksa, bagay na maganda sa tingin ng komersiyal.

Sa kabilang banda, layon naman ng alternatibo na mabuo ang ugnayan nila sa kanilang paksa. Paliwanag ni Villanueva, "Kami iyong may social investigation bago magsulat: 'Sino ba ang masama?' 'Sino ba ang nasa katwiran?' 'Sino ba ang dapat manalo sa anumang pagtatalo sa ating lipunan?' 'Sino ba ang dapat makinabang sa mga yamang natural o likha ng kamay ng tao?'"

Karaniwang matatagpuan ang ganitong klase ng pagbabad o coverage sa maliliit na bayan at probinsiya. Ginagawa rin ito ng komersiyal, ngunit bilang 'special coverage' sa isang usaping nakaaapekto sa mga lugar na itinatampok. Mas madalas na ipinauubaya na lamang ang mga ito sa maliliit na dibisyon ng media upang magbigay-daan sa mga pambansang isyu.

Gamit ang usapin sa pagmimina sa Palawan bilang halimbawa, ipinaliwanag ni Hofileña ang karanasan niya bilang mamamahayag ng alternatibo, aniya, "Kung titingnan mo naman 'yong reporting galing sa Maynila, mas objective siya, hindi siya ganoon ka-attached doon sa isyu, kasi hindi nakabase doon sa Palawan ang media. Kasi di naman nakakabit sa bituka [nila] diyan e. Kami 'yong maaapektuhan kaya feel na feel namin 'yong isyung 'to, kaya ayaw namin. Ino-oppose namin 'tong mining company na 'to."

PAGTUON: PAGKILING SA NAKARARAMI

"Nandoon ang pagkakaiba namin: kami ay nagbabalita mula sa punto de bista ng maliliit subalit nakararami sa atin. Ang pinagmumulan ng aming binabalita, ng mga features, ng mga pelikula, ng mga pinag-uusapan sa aming radyo ay [ang] batayang

sektor ng ating lipunan. Conscious kami roon. Walang kompromiso sa ganitong estilo ng paghahatid ng balita at impormasyon."

Ang pagiging dikit sa isyu ang malaki at aminadong pagkakaiba ng alternatibo sa komersiyal. May malinaw na pagkiling ang alternatibo at karaniwang may isinusulong na adhikain, kaya nga tinatawag din itong advocacy journalism. Sa mata ng komersiyal, malaking pagkukulang ito. Ani Wong, ipinakikita ng paghahalo ng balita at opinyon ang hindi pagiging propesyonal ng mamamahayag, kaya pilit itong iniiwasan ng komersiyal. Ngunit para sa mga tagapagtaguyod ng advocacy journalism, walang dapat ikahiya sa ganitong estilo.

OO, MAYROON KAMING BIAS AT ITO ANG PINAKAMALAKING PAGKAKAIBA NAMIN DOON SA KOMERSIYAL NA MEDIA.

Raymund Villanueva, Kodao Productions

"Oo, Mayroon kaming bias at ito ang pinakamalaking pagkakaiba namin doon sa komersiyal na media," buong paninindigang sagot ni Villanueva. Iginiit niyang nararapat lamang na panigan ang mamamayan. Aniya, "Kung mayroon kaming pagpipilian sa press release, halimbawa, ng Malacañang, ng Kongreso, ng kahit anong kagawaran at tanggapan ng gobyerno, at 'yong press release ng mga organisasyong pangmasa katulad ng KMU, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Gabriela, Kabataan Party-list, mas bibigyan namin ng pabor—ang tawag sa journalism ay slant—kung ano ang sinasabi ng pamayanan."

Nagkasundo sina Hofileña at Villanueva na hindi masusundan ang absolutong obhetibismo bilang pamantayan. Punto ng huli, sa pamimili pa lamang ng isyung tututukan may pagkiling na. Dagdag pa niya, maski ang komersiyal na tagapagtaguyod nito ay hindi naman nasusundan ang pamantayan. Ani Villanueva, "Kung sakaling magkaroon ng welga ang mga manggagawa ng SM, alam naming sa komersiyal na media na hindi nila gagalitin ang management ng SM dahil alam naming mawawalan sila ng milyon-milyong pisong patalastas at 'yan ang buhay at dugo ng komersiyal na media."

Hindi rin napigilan ni Villanueva na ipahiwatig ang pagkadismaya sa pahayag ng komersiyal na media na sinusundan nila ng obhetibong pamamahayag. "Isa pang nakakalungkot, ang kanilang panawagan: 'Serbisyong Totoo,' 'Walang Kinikilingan'—'yong mga slogan nila, which to the discerning is plain b***s**t. Wala ba talaga silang kinikilingan?"

Kaya panukala ni Hofileña na ilahad na lamang ang pagkiling. Ipinaliwanag niya ang naging pagtutok at pagpanig ng ABS-CBN sa Pangulong Noynoy Aquino noong nakaraang eleksiyon. Aniya, "Kung titingnan mo, iyon 'yong malinaw na evidence na ang hirap talagang maging totally objective, so you might as well disclose or explain na [kung] bakit ganito or merong pagkiling sa ganitong isyu or sa ganitong politiko or sa ganitong tao."

Sa ganitong paraan umano, mauunawan ng tagasubaybay kung saan nanggagaling ang mamamahayag at tatanggapin niya ang ibinabalita mo "with a grain of salt." Susog pa niya, dahil bukas sa madla ang pagkiling ng media, nagiging transparent pa sila.

TRANSPARENCY: PAGTATAGUYOD NG KATOTOHANAN

"The new objectivity is transparency"—ito ang sagot ni Hofileña sa debate sa usapin ng obhetibismo sa larangan ng pamamahayag. Aniya, matagal nang walang ganap na obhetibo. Lahat naman umano mayroon nang pagkiling, ang kaibahan lamang ay ang pagsisiwalat nito.

Kaya para kay Villanueva, patas ang alternatibo. "Objective kami in the sense na we present both sides pero mayroon kaming slant, dahil tingin namin, ang nakararami ang dapat nakikinabang sa [aming] pinagsusulat."

Sa ganitong pagtingin, hindi limitasyon ang pagkiling. Hindi naman kasi ito nangangahulugang hindi pakikinggan ang isang panig. Makikita ang pagkiling sa anggulo ng pagsasalaysay ng mamamahayag at bilang resulta, sa mensaheng kaniyang ipinaaabot. Kapag labis ang pagkiling, ang publiko ang siyang tatalikod sa media.

Ani Hofileña, "[Sa] oversimplification—doon naman mawawala 'yong kredibilidad ng isang media organization, na kung sobrang kitid na noong pananaw niya na kahit mayroon nang napakalinaw na other side, pero hindi niya talaga pinapakinggan, 'yon, mawawala 'yong audience niya."

Ibig sabihin, kahit pa alternatibo't may pagkiling, mahalaga na balansehin ang talakayan. Dagdag pa ni Hofileña, sa halip na makasama, makatutulong pa ang lantad na pagkiling dahil magiging mapagmatyag ang mismong paksa at ang mga tagasuporta niyon. Makapag-iimbita ng diskurso ang mga naisusulat, lalo na kung may pagkakamali o pagmamalabis sa parte ng media.

Sa kabilang banda naman, nilinaw ni Ellen Tordesillas, manunulat para sa Vera Files, Malaya at Abante, na salik din ang pagsang-ayon ng mga tagasubaybay ng media sa pagtanggap ng pagkiling nito. Aniya, "Kasi sa media, market forces ang determining factor doon [nilalaman]. So kung gusto ng tao 'yon, e di okey." Kung hindi naman sang-ayon ang tagapakinig, mambabasa o manonood, maaari naman daw siyang pumili ng iba.

PAGPUPUNO: PAGKAKABIGKIS NG ALTERNATIBO AT KOMERSIYAL

Madalas na inihihiwalay ng alteratibo at ng komersiyal na media ang sarili sa isa't isa, ngunit hindi maitatanggi na pinupunan nila ang isa't isa.

Sa pananaw ng komersiyal, kulang ang kasanayan ng mga mamamahayag at ang mekanismo ng alternatibo. Gaya ng nabanggit kanina, mga 'bagito' pa ang mga ito. Marami din umano sa kanila ang hindi sumusunod sa apat na pamantayan ng pamamahayag. Maituturing umanong 'hindi pa mapagkakatiwalaan.'

Sa pananaw naman ng alternatibo, bulag na maituturing ang hindi makapapansin sa labis na pagtatampok ng mararahas at negatibong balita sa bawat estasyon ng telebisyon, radyo at mga pahayagan. Ayon kay Wong, nagdudulot ito ng hindi balanseng pagtingin ng lipunan sa realidad. Isama pa rito ang isyung sensationalized na halaw namang maituturing.

Mababatid din umanong kakaunti ang sakop ng pamamahayag ng komersiyal na media na kadalasang nakatuon sa National Capital Region at sa mga isyung pambansa. Upang matugunan ang mga isyung labas dito, mayroong mga network na panrehiyon. Kabaligtaran naman ito ng alternatibo na naghahatid ng maraming maliliit na isyu mula sa mga pamayanang hindi napaglalaanan ng airtime ng nauna. Ani Hofileña, natutugunan ng alternatibong media ang kakulangan ng pag-uulat mula sa kabilang panig at nabibigyang-pansin ang mga problemang kinahaharap ng mga pamayanang hindi nakatatanggap ng atensiyon at tulong mula sa komersiyal na media at pamahalaan. Dahil nga hindi natatamasa ng mga pamayanang ito ang karaniwang benepisyo ng ibang nayong higit na malapit sa sentro, nagiging tungkulin din ng alternatibo na umagapay sa kanila at maglingkod-bayan.

Hindi naman sang-ayon si Villanueva sa pagtatambal ng dalawang media. Para sa kaniya, "Hindi namin sila [komersiyal na media] pinupunan a. Ang papel talaga namin ay tingin namin ang dapat ginagampanan ng media sa isang patas na lipunan." Nauna nang sinabi ni Villanueva na may pangmadlang elemento ang pamamahayag kaya kailangan na mas bigyang halaga ang sinasabi ng maliliit. Aniya, "Ang bida sa istorya namin ay ang mga maliliit. Unang-una, if you absolutely need to be objective, e di tingnan mo ang iyong public: sino ba ang mas nakararami sa ating lipunan, e di doon ka pumanig—objective ka noon."

Malaki man ang ipinagkaiba, unti-unti nang nagkakalapit ang dalawang mukha ng pamamahayag. Nariyan ang paggamit ng komersiyal sa new media, ang pagbibigay-serbisyo sa publiko at ang panghihikayat sa mamamayan na makilahok sa pamamahayag. Halimbawa, kapuwa mayroong citizen journalism na matatawag ang dalawa. Nangangahulugan ito ng paggamit ng new media upang ibahagi ang isang balita sa kani-kaniyang espasyo sa Internet at ang pagbuo ng sariling mga pahayag o artikulo tungkol sa mga isyu. Gamit ang ganitong estilo, nailalapit ang ordinaryong Filipino sa kapuwa niya Filipino sa pamamagitan ng pagiging tagapagsalaysay at tagapamahagi ng sarili nilang mga kuwento.

Sa huli, bagaman itinuturing ni Wong na bata pa ang alternatibo at hindi malinaw kung may natutugunan itong pagkukulang ng isa, dahil sa alternatibo kaya higit na nagsusumikap ang komersiyal na media.

PAMAMAHAYAG: PAGHAHANAP NG KATOTOHANAN

Sa ganitong pagsusuri, gaano nga ba kaalternatibo ang alternatibong media? Sa gitna ng lahat ng pagpupumilit at pagpupursiging pag-ibahin ang alternatibo mula sa komersiyal na media, isang pagbabalik sa pinakasimple at pundamental na pagpapakahulugan ng konsepto ng pamamahayag ang kinakailangan—ano nga ba ang nasa kaibuturan nito bago pa man nagkaroon ng paghahati at nagsilabasan ang lahat ng isyu at debate sa pagitan ng dalawang panig?

THE NEW OBJECTIVITY IS TRANSPARENCY.

Chay Florentino-Hofileña

"Journalism is a public service." Ito ang paulit-ulit na nabibigyang-diin sa bawat tugon ng mamamahayag, sa aspektong ito nagkakapareho ang dalawang panig. Kahit gaano man kaigting ang paglalayo dahil sa mga isyung tinatalakay o maging ang paraan ng paghahatid nito sa madla, babalik pa rin ito sa pagpapaalam sa publiko. Ngunit hindi ito sasapat kung hindi magiging tapat ang mismong media outlets sa publikong kanilang ninanais na paglingkuran. Para kay Tordesillas, ang paghahatid ng katotohanan lamang ang siya dapat na adbokasya ng isang mamamahayag, na ang integridad at katotohanan ang tanging kinikilingan.

"Bakit ka nasa larangan ng pamamahayag, bilang isang mamamahayag? [Mamamahayag ka] upang panatilihing malay [ang tao], para mabigyan mo ng kapangyarihan ang tao sa pamamagitan ng impormasyon. Kasi 'pag mulat sila, 'pag marami silang alam, nakakadesisyon sila nang tama, di ba? That's empowerment, iyan ang papel ng mamamahayag: ika'y nagbibigay ng impormasyon at ang kalidad ng impormasyon ay mahalaga—dapat totoo kasi di mo puwedeng ma-empower ang tao 'pag kasinungalingan ang binibigay mo. Ganoon 'yan, ke-blog, ke-new media."

Iginigiit din ni Tordesillas na para sa kaniya, walang pagkakaiba ang alternatibo at komersiyal na media sa isa't isa dahil iisa lamang ang tunguhin ng dalawa—ang ihatid ang katotohanan. "Journalism is truth-telling. Whether what you use: blog, newspaper, radio or TV, ang importante is truth-telling. Kasangkapan lang 'yan, gamit lang 'yon. On how you use it, depende kung kapaki-pakinabang or hindi." Sa huli, nakasalalay ang kapangyarihan upang pumili at gamitin ang katotohanang ito sa mga kamay ng taong nanonood, nakikinig at nagbabasa sa iyong trabaho.

Nasasabi lamang na alternatibo ang alternatibo dahil sa mga kinakaharap nitong suliranin sa produksiyon ayon kay Wong, at nagkakaroon ng paghahati dahil sa pamamaraan ng mga miyembro ng alternatibo upang malampasan ang mga hamon. Nagkakapareho rin ang dalawang panig dahil sa magkatulad ang dalawa sa suliranin ng pagkakaroon ng mga propesyonal at hindi propesyonal na miyembro, at sa huli, tulad ng sinabi ni Tordesillas, nakasalalay sa nakatutok na taumbayan ang pagkilala kung aling kampo ang may kredibilidad.

Mula sa punto de bista ng alternatibong media, kung saan kabilang si Villanueva, itinuturing pa ring iba ang kanilang tatak ng pagbabalita dahil sa kanilang pagbababad, nabibigyan ng importansiya ang masa. Ito ang siyang batayan upang masimulan ang tinatawag niyang "nation-building." Sa pagbibigay-kamalayan sa mamamayan, binibigyan sila ng sandata upang makapagtaguyod ng isang matatag na bayan, "kasi 'pag hindi mo pinapakinggan ang tao, hindi ka makakabuo ng isang bansa. Kasi may gustong gawin ang gobyerno na hindi naman pasok doon sa sinasabi ng mga tao, e ang karamihan, itong mga maliliit, sila ang mga walang boses sa lipunan. Siguro, ito na rin 'yong isyu namin—to give voice to the voiceless. Pati mismo kami ay nakiki-share na rin sa mga problems nila."

Patuloy pa rin ng paghahatid ng kanilang produkto sina Villanueva, kahit ganito ang kanilang mga harapin o ano pa mang isyu ang iharap tungkol sa kanilang mga layunin. "[A]ll these are offset by the sense of fulfillment after each successful project. 'Pag nakakagawa kami ng pelikula na pinapalakpakan ng mga katutubong Ifugao at B'laan, aahh, wala 'yan. Tanggal lahat ng pagod mo, lalong-lalo na kung ang nakapanood sa gawa mo ay unang-unang beses niyang makapanood ng kahit ano."



Misyon

Pagpapakilala kay Jose Ramon T. Villarin, SJ, ang ika-30 pangulo ng Ateneo

ni Robert Alfie Peña
may ulat ni Xavier Alvaran
kuha ni Matthew Dumlao
lapat ni Geneve Guyano

"MARAMING puwedeng gawing mabubuting bagay. Pero ang tawag sa atin ay gawin ang mas dakila, ang mas mabuti."

Ilan lamang ito sa mga salitang binitiwan ng bagong pangulo ng Pamantasang Ateneo de Manila. Maituturing na isang hardinero ang bagong namumuno sa Ateneo. Si Fr. Jose Ramon T. Villarin, SJ o "Fr. Jett" ang ika-30 pangulo ng Ateneo. Hindi man halata, ang kaniyang pamumuno ay isang alanganin ngunit mahalagang puwesto sa pagtataguyod ng bayan, bahaging ginampanan nang husto ng sinundan niya. Haharapin niya ang di-iilang pambihirang hamon sa mga Atenista. Ngunit sa kabila nito, naniniwala si Fr. Jett na isa itong pagkakataon upang tupdin ang kaniyang misyon sa Ateneo. Bilang mga Atenista, pinagkalooban umano tayo, ayon na rin sa kaniya. At ang paglinang sa ipinagkaloob sa atin, tulad ng sa isang hardinero, ang misyon niya ngayon sa Ateneo.

PAGLINANG NG LUPA

Ipinanganak si Jose Ramon T. Villarin noong ika-30 ng Enero 1960 sa lungsod ng Maynila at panganay sa tatlong kapatid na babae. Simula pagkabata, palagay na ang loob ng kaniyang mga magulang upang pagkatiwalaan si Fr. Jett. Hinayaan siyang gawin ang mga bagay na kaniyang naisin. Halimbawa nito ay nang minsan siyang hayaang magtungo sa kanilang probinsiya sa Samar nang mag-isa. Ayon pa sa kaniya, "Nagpapasalamat ako kasi hindi sila istrikto. Binigyan ako ng kalayaan. May tiwala sila."

Pumasok siya sa Lourdes School na pinatatakbo ng mga Capuchin, mga fraileng kasapi sa ordeng Fransiskano. Sa pagdidisiplina ng mga Capuchin sa Lourdes unang nahubog si Villarin. Mahigpit ang pagsunod ng mga fraileng ito sa mga kautusan ng kanilang orden. Katulad ng mahigpit na pagsunod ng mga Capuchin, mahigpit na klase ng disiplina ang naging paghubog sa kaniya sa Lourdes.

Nang makapagtapos sa Lourdes, orihinal na balak ni Fr. Jett ang pumasok sa noo'y bagong-tayo pa lamang na Philippine Science High School (na mas kilala sa tawag na Pisay). Sa kabila nito, sinubukan din niyang mag-aplay sa Mataas na Paaralang Ateneo. Pumasa si Fr. Jett sa kaniyang unang pagsusulit sa Pisay, kaya naman nang daluhan niya ang kaniyang panayam sa Ateneo ay sinabi niyang "Alam ninyo, hindi talaga ito [Ateneo] ang first priority ko e. Wala na kong balak, kasi nag-aplay na ako sa Pisay. Pumasa na ko." Ngunit hindi na nakapasa si Fr. Jett sa ikalawang pagsusulit sa Pisay kaya napilitan siyang bumalik sa Ateneo. "I had to eat humble pie," natatawa pa niyang sinabi.

Para kay Fr. Jett, tungkol sa pagbuo ng tao ang kaniyang naging edukasyon nang mapasok siya sa Ateneo. "Sa hayskul, talagang pagdating dito sa Ateneo—pagpapalawak. Pagpapalawak ng pag-iisip, pagpapalawak ng pilosopiya, pagganap sa buhay. Lumawak." Dagdag pa niya, sa puntong ito siya natutong kumatha. Nahilig na rin siya sa matematika at paborito niya ang pisika.

Sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) binalak ni Fr. Jett magkolehiyo. Nakapasa siya at natanggap pa bilang iskolar. Gayumpaman, ayon sa kaniya, "Papasok na sana ako, pero magaling ang mga Heswita." Hinigitan ni Fr. Samson, na dating direktor ng admission and aid ng Ateneo, ang iskolarsip ng UP kaya napapayag si Fr. Jett na pumasok ng kolehiyo sa Ateneo.

Taong 1976 nang mag-kolehiyo siya sa Ateneo. Panahon ito ng malawakang pagbabago sa paaralan. Unang nakapagtapos ang mga babae sa Ateneo noong 1977. Kimika ang unang kurso ni Fr. Jett. Ayon sa kaniya, magagaling ang mga taga-kimika subalit nabagot siya rito. Kaya bumalik siya sa paborito niyang asignatura noong hayskul kung saan din siya may pinakamataas na marka—pisika. Naging Council of Organizations (COA) Representative (pangulo ng COA ngayon) siya noon. Naging kasabayan din niya sa Sanggunian si Pang. Noynoy Aquino na Junior Representative naman noon. Nabanggit din niya na sa kolehiyo siya nagkaroon ng kasintahan. Mag-aaral noon sa UP ang kaniyang kasintahan, na isa nang doktor ngayon.

PAGTATANIM

Kolehiyo nang unang mapag-isipan ni Fr. Jett na lumahok sa Kapisanan ni Hesus at pasukin ang pagpapari. Ayon na rin sa kaniya, ang kaniyang klase sa pilosopiya ang nagtulak sa kaniyang pag-isipan ang buhay na tatahakin niya. Sumali siya sa Days with the Lord. Nag-immersion siya sa Nueva Vizcaya sa ang mga magsasaka. Naging malapit umano siya sa panginoon noong huling taon



> **PANO NATIN PAPATAYIN 'TONG HALIMAW NA 'TO [KAHIRAPAN]?**

niya sa tulong na rin ng pagtuturo sa kaniya ni Fr. Raul Bonoan, SJ.

Nagtapos si Fr. Jett ng magna cum laude at valedictorian sa kursong pisika noong 1980. "Noong gradweyt na ko, mahirap magdesisyon. Maraming tumutulak." Kaya naman sinubukan niyang lumayo upang makapagmuni-muni. Pumunta siyang Mindanao sa paghahanap ng lugar kung saan walang nakakikilala sa kaniya. Inimbitahan siya ng kaniyang dating guro sa pisikang magturo sa Davao. Ito rin ang unang taon nang magmisyon ang Jesuit Volunteers Philippines (JVP). May ilang boluntaryong ipinadala sa Bukidnon, samantalang nasa Cagayan de Oro naman ang iba. Lumapit ang JVP kay Fr. Jett upang aluking maging bahagi nila bilang nasa Davao na siya. Tinanggap naman ito ni Fr. Jett. Ayon sa kaniya, dito na nagsimulang tumibay ang kaniyang desisyon na maging Heswita.

Bahagi na si Fr. Jett ng kapisanan noong 1985. Tapos na siya sa pilosopiya noon at papasok na sa regency. Madalas na bahagi ng regency ang pagtuturo sa Mindanao. Para kay Fr. Jett, pagkakataon itong makabalik muli sa Mindanao. Hiniling niya kay Fr. Bienvenido Nebres, SJ, na noo'y superyor probinsiyal, na ipadala siya kasama ang iba pa niyang kasabayan. Ngunit hindi siya pinahintulutan ni Nebres. Paliwanag ni Fr. Ben, "Hindi. Hindi ka bumabata. Kailangan mong mag-aral ng physics kasi ang mga kaklase mo, mga bata." Kaya naman ipinadala siya sa Marquette University sa Estados Unidos upang magpakadalubhasa sa laser physics.

Binalak ni Fr. Jett na ituloy sa bansang Hapon ang kaniyang doktorado sa pag-aaral ng laser. Nag-aral pa nga siya ng Nihonggo para rito. Nag-aplay siya ng Monbusho scholarship ngunit hindi siya natanggap. Hindi na bago kay Fr. Jett ang pagkapurnada ng kaniyang mga plano. Sa mga pagkakataong ito, ang nasabi na lamang niya ay: "Iba rin ang Panginoon. Binabalikan ko ito ngayon. Gusto mong kumanan, pero di ka puwede, mapupunta ka sa kaliwa." Natatawa pa niyang idinagdag na: "Kung tinuloy ko 'yong plano ko, siguro may asawa na ko."

Ang kaniyang hindi pagkakatanggap sa Monbusho ang siya namang nagbunsod sa kaniyang pumasok sa larangan ng agham atmosperiko. Nagsulat siya sa iba't ibang mga pamantasan sa Amerika upang humanap ng mapapasukan hanggang sa tumugon sa kaniya ang Georgia Institute of Technology. Di naglaon ay doon na nga siya napunta upang mag-aral ng agham atmosperiko. Ayon kay Fr. Jett, noon pa mang nasa laser physics pa siya ay may kaugnayan na ang kaniyang pananaliksik sa agham atmosperiko tulad ng pag-aaral sa kalidad at nilalaman ng hangin. Sa puntong ito ay ipinagpasalamat ni Fr. Jett ang mga napurnadang pagkakataon dahil minamahal naman niya ang tinatahak niyang landas maski na hindi ito ang orihinal niyang plano.

Ang pagpapakadalubhasa ni Fr. Jett sa larangan ng agham atmosperiko ang dahilan ng kaniyang pagkakasali sa Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC). Nakasama siya sa grupong nag-aral ng carbon emission inventory. Noong 2007, kasama ni Al Gore, nanalo ang IPCC ng Nobel Peace Prize para sa kanilang ambag sa pagpapaigting at pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa pagbabagong pangklima.

HAMON SA PAG-USBONG

Abril ng taong ito nang umupo sa puwesto si Fr. Jett bilang pangulo ng pamantasan. At nitong ika-8 ng Setyembre, pormal siyang pinasinayaan bilang ika-30 pangulo ng pamantasan. Tampok sa programa ang pagmimisyon kay Fr. Jett ni Fr. Jose Cecilio Magadia, SJ, na kasalukuyang superyor probinsiyal ng Kapisanan. Kahawig ito ng ginawa ni San Ignacio de Loyola kina San Francisco Javier at iba pang Heswita bago sila ipadala sa iba't ibang misyon. Sa nasabing programa, nagbigay si Fr. Jett ng tatlong puntong nais niyang pagtuunan ng pansin bilang pangulo ng pamantasan: (1) pangangalaga sa hardin ng paglikha at mga nilikha, (2) pagtataguyod at pagbubuo ng bansang ipinagkaloob sa atin, at (3) pagiging kung sino tayo. Tampok sa kaniyang mga sinabi ang pangangalaga sa tiwalang ipinagkaloob ng Maykapal.

Sa unang punto, idiniin ni Fr. Jett na hindi natin maaatim na iwan sa susunod na henerasyon ang uri ng mundong mayroon tayo ngayon. Para sa kaniya, kailangang

balansehin ang pag-unlad at ang kalikasan. Ika nga niya, "Kailangan nating magtanim ng mga gubat, hindi puno." Higit pa umano sa personal na pagbabago ang hamon sa kasalukuyang henerasyon ngayon. Para sa kaniya, kaakibat ng personal na pagbabago ang pagbabago sa mga masalimuot na mga estrukturang hindi nagbubunga ng pangmatagalang pagpapabuti ng pamumuhay. Dala ng kapangyarihang pangalagaan ang paglikha ang kakayahang gawin ito sa Ateneo. Ayon pa sa kaniya, kailangan ang mga hardin at parke upang maging espasyo sa pag-aaral at pagkatuto.

Kinakailangan ang 7.5 ektarya ng lupa para sa parking ng 2,000 kotse. 10% ito ng lupa ng Ateneo. Paliwanag ni Fr. Jett, maayos pa ang mga bilang na ito ngayon, "pero paano sa hinaharap?" Sa ngayon, tinitingnan nila ang iba't ibang posibilidad tulad ng pamimisikleta, o isang shuttle system upang matugunan ang isyu. Lumalabas na masyadong magastos ang isang centralized parking structure, pero ayon kay Fr. Jett, kinakailangang harapin ng Ateneo ang ganitong mga hamon. "Kailangang tingnan, hindi puwedeng basta-basta lang."

Ikalawang punto ni Fr. Jett ang pagtataguyod at pagbubuo ng bansa. Matatandaang posisiyon din ito ng kaniyang pinalitang si Fr. Ben Nebres. Ang nais naman ni Fr. Jett ngayon ay bigyan ito ng direksiyon at papel sa pamamagitan ng Ateneo bilang katalista ng pagbabago. Ayon sa kaniya, magaling ang Ateneo sa edukasyon, ngunit hindi lamang edukasyon ang kailangan. At ang Ateneo, bilang isang eskuwelahan ay pinagmumulan ng idea. "Hindi sila dapat matakot na magbakbakan ng idea. Ganoon ang eskuwelahan." Ang pagiging katalista ang nararapat umanong papel para sa Ateneo, isang papel na magagampanan nito. "Kasi tingin ko rin, di natin kayang gawin lahat. Wag nating linlangin ang sarili natin na dahil sa Ateneo, mababago ang bansa." Kung mag-uumpisa man daw tayo ng isang programa, tulad halimbawa ng Gawad Kalinga o community building, ito ay sa pag-asang makokopya at magagawa ito ng iba. Kinakailangan din ng Ateneo ang tulong ng iba.

Bahagi ng usapin sa pagtataguyod ng bansa ang pagharap sa problema ng kahirapan. Para kay Fr. Jett, isang halimaw na maraming puso ang kahirapan. "Pano natin papatayin 'tong halimaw na 'to?" Upang masugpo ito, kinakailangan nang sabayan at malawakang aksiyon sa lahat ng panig. At dito niya nakikita ang kahalagahan ng pamumuno. Kaakibat din ng usapin ng kahirapan ang politisasyon ng mga Atenista. Hindi umano tayo dapat matakot magsabi ng tindig sa mga sensetibong usapin tulad ng RH Bill at pagpapalit ng security guards. Ngunit pinag-iingat din niya ang mga Atenista. Madali umanong gawin ito sa loob ng pamantasan subalit pagdating sa labas, baka lalo lamang hindi maintindihan. Madalas na negatibo ang tingin ng mga Atenista sa politika, ngunit para kay Fr. Jett, ipinagkaloob din ito at dapat gamitin para sa ikabubuti ng marami. Hindi niya inaasahan na laging magkakaroon ng pagkakaisa sa mga posisyon, ngunit ang hiling niya ay: "sana magtiwala kayo, at one point, I have to decide."

Maraming Atenista ang hindi nakasusunod sa landas na nais ng Ateneo para sa mga dumaan sa kaniya. Ngunit umaasa si Fr. Jett na "babalik din, babalik din sa apat na taon dito. 'Yon ang pag-asa ko. Sana may naitanim ang Ateneo." Para sa kaniya, kailangan pang akayin ang mga Atenista upang maging sangkot sa mga isyung panlipunan. "Gatungan natin. Kung gusto mong masangkot ang mga Atenista sa isyu, kailangan mong ipakita na ito 'yong isyu."

PAGLAGO AT MULING PAGTATANIM

"May ipinagkaloob sa atin." Ito ang paulit-ulit na tema ni Fr. Jett sa kaniyang talumpati. At ang huling punto niya sa kaniyang talumpati ay ang kapangyarihang maging kung sino tayo bilang tao at bilang Atenista. "Itong paaralang ito ay paaralang Heswita. Sa inspirasyon ni Ignacio Loyola, sana lagi nating kinikilatis, tinitimbang kung ano 'yong mas dakila at dapat gawin." Ito ang pangarap ni Fr. Jett. Ito rin ang kaniyang misyon: "Higit pa ang landas ng Ateneo sa pagsasanay sa inyong maging magaling at matagumpay sa mundong propesyonal. Sa Ateneo, hinahamon kayong palawakin ang inyong abot-tanaw. Ang Ateneo ay isang misyon kay Kristo na pinaniniwalaan nating sinusugo tayo para baguhin ang mundo sa ikagaganda nito."

"Sana dibdibin natin 'yong pagiging Atenista. Sana 'pag dinibdib 'yong pagiging Atenista, makita na 'yong misyon, mas malawak kaysa sa sariling pangarap, sariling ambisyon. Sino ba tayo? Ano 'yong mga ipinagkaloob sa atin? We have the power to become first who we are, build this nation, and to care for creation. Sana may naitanim. Sana bukas 'yong lupa at doon hihinga para may maihatid."

SANA DIBDIBIN NATIN 'YONG PAGIGING ATENISTA. SANA 'PAG DINIBDIB 'YONG PAGIGING ATENISTA, MAKITA NA 'YONG MISYON, MAS MALAWAK KAYSA SA SARILING PANGARAP, SARILING AMBISYON.





TANOD NG TIYERA

Balik-tanaw sa pakikibaka ng Alyansa Tigil Mina kontra large-scale mining

nina Arnold Lau, Larz Diaz at Geneve Guyano
sining ni Mich Garcia
kuha ni Matthew Dumlao
lapat ni Geneve Guyano

MATINDING banggaan sa dalawang kampo—ganito mailalarawan ang usapin sa pagmimina sa Filipinas. Sa isang banda, naririyan ang nagtatanghal sa mga malawakang operasyon ng pagmimina sa bansa bilang tagapagwasak ng likas na takbo ng kalikasan. Sa mga tagataguyod naman ng industriya, pinagdidiinan ang pag-unlad sa ekonomiya—trabaho para sa komunidad, kita para sa gobyerno—bilang pinakamahalagang depensa sa patuloy na operasyon ng mga minahan.

Ilang dekada na rin ang talaban at tunggalian sa pagitan ng mga pabor at kontra sa usaping ito—isang kampo ang nagnanais alisin ang lahat ng restriksiyon sa operasyon ng minahan, samantalang ang kabilang panig, isinusulong ang pagsasawata ng industriya—ngunit para sa higit na 70 kasapi ng Alyansa Tigil Mina (ATM), hindi lamang nakakahon sa dalawang nabanggit ang kalutasan sa isyu ng mga minahan.

"Bilang ATM, hindi kami tutol sa mismong pagmimina. Ang basehan ng pagtutulungan namin ay ang pakikipaglaban sa malakihang pagmimina," ani Jaybee Garganera, ang national coordinator ng koalisyon. Layunin umano nilang tigilan ang agresibong promosyon para sa malakihang pagmimina (large-scale mining), na karamihan ay pinatatakbo ng mga dayuhang kompanya.

May humigit-kumulang 70 non-government organizations (NGO) at people's organization (PO) ang bumubuo sa koalisyon. Sa dibersidad ng komposisyon ng samahan, hindi maitatanggi ang pagkakaroon ng dibersidad sa kongkretong tunguhing ipinapanawagan ng kani-kaniyang organisasyon. May tumututol sa anumang uri ng pagmimina; may mga grupo naman sa ATM na kabilang sa tinatawag na small-scale miners. Iba-iba man ang pinagmumulan, at may pagkakaiba rin sa nais patunguhan, nagkakaisa naman ang mga kilusan sa loob ng ATM sa isang bagay—dapat nang tuldukan ang mapang-wasak at mapang-abusong kalakaran sa large scale mining.

NINGAS: SIMULA NG ISANG ADHIKA

Isa si Garganera sa mga makatetestigo sa halos ilang taon nang pagtataya ng koalisyon. Bago maging tagapag-ugnay ng Alyansa Tigil Mina, naglingkod muna siya sa Philippine Partnership for the Development of Human Resources (PhilDHRRA), samahan ng 67 rural development NGO. Mula 1996 hanggang 2004, naging aktibo siya sa sektor ng mga mangingisda, magsasaka, at mga katutubo.

Labis ang pagkabahala ng PhilDHRRA sa ilang naging hakbangin ng nakaraang administrasyon na posibleng makaapekto sa mga sektor na tinutulungan nila. Una na sa mga ito ang pagpapatawag ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ng isang pambansang konsultasyon noong 2003 upang baguhin ang pambansang patakaran sa pagmimina. Sinundan naman ito ng pagbanggit ni dating Ispiker Jose De Venecia sa Kamara de Representantes ng mga pagbabago ng probisyong ekonomiko ng Saligang Batas, gaya ng pagkakaroon ng 100% pagmamay-ari ng mga dayuhan ng langis, gasolina at mineral. Sa puntong ito, inatasan ng PhilDHRRA si Garganera upang bumuo ng isang samahan bilang tugon sa mga pangyayari noon.

Inakala ng mga NGO at PO na lumahok sa pagsangguni ng pamahalaan na sustainable development ang direksiyon ng mga usapan tungkol sa pagmimina. Magkagayon, sa "kalagitnaan ng konsultasyon, inamin ng DENR (Department of Environment and Natural Resources) na mayroon na palang binubuong EO tungkol doon." Sa tingin ni Garganera, layunin ng inihahandang executive order na pasiglahin ang industriya ng pagmimina. Dahil dito, dagdag niya, "Kaming mga NGO, hindi kami bukas na makibahagi sa proseso na iyan. Ngunit nagpadala pa rin kami ng mga tao para ibato ang posisyon namin."

Mistulang nagkaisa ang mga sangay ng pamahalaan—mula ehekutibo hanggang hudikatura—na paboran ang large-scale mining. Ibinahagi ni Garganera na noong Enero 2003, pinanigan ng hudikatura ang posisyon ng mga NGO laban sa malakihang pagmimina, subalit hindi pa man lumilipas ang isang taon, binaligtad nito ang sariling pahayag at ngayon ay pumapabor sa pagpapatuloy nito.

Opisyal na binasbasan ng Malacañang ang pagpapalago ng industriya ng pagmimina nang ilabas nito ang EO 270-A o National Policy Agenda on Revitalizing Mining in the Philippines noong Enero 16, 2004. Lubusang pinaluwag nito ang regulasyon sa pagmimina sa bansa. Pagpapalawig ni Garganera, "pinabilis ang application, pinadali ang permitting process, pero pinahina ang ibang safeguards. Halimbawa, pinahina niya 'yong Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (IPRA). Iyong mga lugar kung saan hindi pinahihintulutan ang pagmimina sa ilalim ng batas, ginawang malabo ang depinisyon."

Bilang reaksiyon dito, ginanap ang isang mining summit noong 2004 sa Antipolo na pinangasiwaan ni Garganera at dinaluhan ng 300 organisasyon. Tinanong siya sa kumperensiya kung papayag ba siya sa pagtulong sa pagpapadaloy ng kampanya. Aniya, papayag lamang daw siya kung magiging co-convenor ng PhilDHRRA ang Legal Rights and Natural Resources Center-Kasama sa Kalikasan (LRC-KsK) at Haribon Foundation.

Sa pagkakapit-bisig ng PhilDHRRA, na may napakalawak na network ng mga NGO, kasama na ang Simbahang Katoliko; LRC-KsK, na binubuo ng mga eksperto pagdating sa usaping legal; at Haribon Foundation, na dalubhasa sa environmental management at may kredibilidad sa media, isinilang ang Alyansa Tigil Mina noong 2005.

LIYAB: PAGLAWAK NG PAGTATAYA

Iba't ibang paraan ang isinasagawa ng samahan at ng kasapi nito upang isulong ang kanilang layunin. Sa kabuuan, ibinabalita at ipinababatid ng ATM sa gobyerno at media ang tunay na nangyayari sa iba't ibang komunidad—lalo na kung may biodiversity area o may katutubong pamayanan na apektado—na ang hangarin ay mapinid ang operasyon ng mapang-abusong sistema ng large-scale mining. Bagaman nilinaw ni Garganera na hindi mandato ng ATM na magsalita para sa mga katutubo, "nagkataon lang na sa kontekstong ito, pagmimina ang kalaban namin."

Sa kabilang banda, may ilang grupo sa koalisyon ang nagtutulak ng mga alternatibo sa pagmimina. Ani Garganera, "Kung gagawa ka ng cost-benefit analysis na transparent, makikita mo na marami sa mga proyektong pagmimina ngayon ay hindi profitable para sa bansa." Bagaman sinasabing may mga benepisyong ekonomiko ang large scale mining, naniniwala ang ATM na may iba pang mga paraan para magamit ang yamang-lupa.

BILANG ATM, HINDI KAMI TUTOL SA MISMONG PAGMIMINA. ANG BASEHAN NG PAGTUTULUNGAN NAMIN AY ANG PAKIKIPAGLABAN SA LARGE-SCALE MINING.



Jaybee Garganera

Bilang pamalit sa kasalukuyang pamamaraan ng pagmimina, may gumagawa ng Ancestral Domain Management Plan kung saan nakahiwalay ang production at mixed-use areas, mga citrus farms sa Nueva Vizcaya na tumutubo ng isang milyon kada-ani kada-hektarya; mga handicrafts sa Zambales at eco-tourism sa Sibuyan Island.

Buod ng estratehiya ng ATM: "Build capacities, inform the public, reform policy." Kaya naman habang aktibo silang nakikibaka upang mapawalang-bisa ang EO 27-A, naipanukala na sa Kongreso ang alternatibo sa pagmimina, na pinamagatang Minerals Management Bill (HB 206 at HB 3763) ng ATM.

LAGABLAB: TULOY ANG LABAN PARA SA KALIKASAN

Bilang isang koalisasyon, walang pormal na estraktura ang ATM. Katunayan, hindi sila nakalista sa Securities and Exchange Commission (SEC) bilang organisasyon. Sadya ito upang mas mabigyang pansin ang pagmomobilisa at pangangampanya kaysa sa pagtatayo ng institusyon.

Paano maging bahagi ng ATM? Ani Garganera, "Simple lang. Sulat lang. Wala kaming inaayaw[an] na aplikante. Kapag sumusulat sila sa amin para sa suporta at [partnership], saka namin ipapahayag ang magiging pakikipag-ugnayan namin sa kanila. Madalas, kung komunidad iyan, tutulungan namin sa pananaliksik, sa pangunguna, sa pagplano."

Sa administrasyong Arroyo, nagbigay-tuon ang ATM sa pag-aantala ng mga large-scale mining project. Ayon kay Garganera, kabilang sa kanilang mga tagumpay ang pagkakaalis ng Marinduque mula sa Mining Priority List ng gobyerno at ang hunger strike laban sa panukalang pagmimina na ginanap sa Mindoro noong 2009. Bukod sa mga ito, pinalakas din nila ang kakayahan ng mga katutubo na tumutol at nakumbinsi ang ilang lokal na gobyerno na magdeklara ng moratorium sa pagmimina.

Nagbago ang kanilang estratehiya nang maluklok sa panunungkulan si Pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III.

"Bukas ang administrasyong ito sa pakikilahok ng mga samahang para sa kalikasan. Malinaw na tagumpay ang pahayag ni P-Noy na isusunod na ang pagmimina sa mga polisiya ng Filipinas sa conservation, protection at rehabilitation," tinuran ni Garganera.

Kapanalig na ngayon ng ATM ang Climate Change Commission at Anti-Poverty Commission, at nakatulong sila sa reporma ng National Commission on Indigenous Peoples, na noong panahon ni Arroyo ay nais nang buwagin pati ng mga katutubo dahil ipinagkakasundo lamang ng mga kawani nito o "tribal dealers" ang ancestral lands sa mga mining company. Sa pagbabagong ito mula sa loob, mapapaigting ang kanilang mga operasyon laban sa malakihang pagmimina ng mga dayuhang kompanya dito sa bansa.

Pinabawi rin ng Commission on Human Rights ang permit ng isang kompanya sa Nueva Vizcaya matapos matuklasang nilabag ng kompanya ang walo sa mga nakatalang karapatan ng mga katutubo. Sa ngayon ay nakatutok ang ATM sa tinatawag nilang mga "red flag areas," o mga lugar na may nakaambang karahasan, kung saan ang pagwawagi o pagkatalo nila ay maaaring maging modelo para sa magiging direksiyon ng bansa ukol sa pagmimina.

Sa kabila ng mga pagpupunyaging ito, hindi pa rin kampante ang ATM. "Hindi naman kami umaasang magkakaroon ng malawakang pagbabago. Pagdating sa pagpapatupad ng batas, medyo mahabang panahon pa ang gugugulin," pahayag ni Garganera. Manapa, "Sa totoo lang, ang mismong agenda ng environment at sustainable development ay hindi priyoridad ng bagong administrasyon. Ngunit naniniwala si PNoy na lahat ay dapat gawin sa isang transparent na paraan." Para kay Garganera, doon pa lamang, panalo na sila.

"Kailangan nating maiparating sa kaniya [Aquino] na walang katwiran ang pagpapalawig sa malakihang pagmimina. Isa ito sa mga iniwan ng nakaraang administrasyon, isang bigong economic strategy. Maganda na hindi na gawin ito," paghihimok ni Gargenera sa publiko.

Kinikilala ng alyansa ang kahalagahan ng paggamit ng likas na yaman, lalo na ang mga mineral, sa pag-asenso ng bansa. "Hindi naming sinasabi na kailangan itigil [ang] lahat [ng uri ng pagmimina]. [Dapat] ang uri at porma ng pagmimina ay tama at angkop doon sa kaunlaran," nilinaw ni Garganera.

Magkagayon, kung hindi magagarantiya ang kaayusan ng kalikasan at kaligtasan ng mga maliliit na pamayanan, para kay Garganera, walang ibang dapat gawin sa pagmimina kundi:

Tigil muna.


---

*Isinalin sa Filipino ang mga sipi.

NAPAG-IWANANG GUSALI


kuha ni Matthew Dumlao
titik ni Noel Clemente
lapat ni Rico Esteban


Ito ang tanaw ng kalangitan


Paraiso sa kaliwa, iskuwater sa kanan



May mga tahanang napag-iwanan


Wala nang tao at pinid ang pintuan



Mga espasyong tunay na sayang


Maaari sanang gawing tahanan.

NANG MAIWAN SI JUAN SA DILIM

Pagtatasa sa industriya ng koryente isang dekada matapos ang EPIRA

nina Jan Fredrick Cruz, Kevin Ross Nera at Krisha Santos
sining ni Chelsea Galvez
kuha ni Matthew Dumlao
lapat ni Geneve Guyano



Murang bayarin at koryente para sa lahat. Ito ang mga layunin ng Republic Act No. 9136, higit na kilala bilang Electric Power Industry Reform Act o EPIRA, nang lagdaan ito ng dating Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong Hunyo 2001. Makalipas ang halos isang dekada, tila nanatiling hangarin lamang ang mga ito. Tinatayag nasa 15 milyong Filipino pa rin ang namumuhay pa rin sa kadiliman—sa kawalan ng koryente—ayon sa pag-aaral na inilabas ng World Bank at Australian Agency for International Deve-lopment nitong Oktubre. Isa rin ang Filipinas sa may pinakamataas na singil sa koryente sa Asya, batay sa pag-aaral ng International Agency Consultants noong Oktubre ng nagdaang taon. Pagdating sa residential rates, o sa singil sa koryente ng bawat tahanan, nasa 18 US cents bawat kilowatt-hour ang bayarin dito sa bansa, higit na mataas kaysa sa sinisingil sa mga nakatira sa mga karatig-bansang tulad ng Japan at Singapore.

Sa parehong pag-aaral natukoy na kapantay lamang ng generation charge ng koryente sa Filipinas ang kabuuang singil sa koryente sa Indonesia, Malaysia, South Korea at Taiwan. Kung industrial rates naman ang pag-uusapan, o yaong binabayaran sa koryente ng mga naglalakihang negosyo, ikalawa ang bansa sa pinakamataas sa Asya, kasunod ng Singapore.

Dahil na rin sa mga nailabas na estadistika, at sa araw-araw na imahen ng mga tahanang umaasa pa rin sa uling at gasera at ekonomiyang hirap makaakit ng mga mamumuhunan dahil mataas ang cost of production sa bansa, marami tuloy ang nagtatanong: Saan nga ba nagkamali ang EPIRA?

IPP'S: LUNSARAN TUNGONG GANAP NA PRIBATISASYON

Tatlong proseso ang karaniwang dinaraanan ng koryente mula produksiyon hanggang sa pagkonsumo nito: (1) ang generation o ang paglikha ng koryente mula sa renewable at non-renewable na pinagmumulan ng enerhiya, (2) ang transmission o pagpapadaloy ng koryente mula generation plant patungong distribution utility, at (3) ang distribution o paghahatid ng koryente sa mga tahanan at establisimyento.

Noon, monopolyo ng estado ang pagsasagawa ng tatlong nabanggit na proseso sa pamamagitan ng National Power Corporation o NAPOCOR. Nanatiling malaki ang ginagampanang tungkulin ng gobyerno sa pagpaplano, operasyon at regulasyon ng industriya ng koryente hanggang sa maganap ang mga

IBA PA RIN ANG PANANAGUTAN KAPAG GOBYERNO ANG MAY-ARI [SA SEKTOR]. PUWEDE NATING SINGILIN [KUNG MAY PAGKUKULANG ANG GOBYERNO] AT MAYROON TAYONG DIREKTANG UGNAYAN KASI PAG-AARI NG PUBLIKO. 'PAG PRIBADO, WALA NA.

Job Bordamonte, FDC

malawakang black-out noong unahang bahagi ng dekada '90. Dahil sa tinaguriang "krisis sa koryente," napilitan ang gobyerno na humingi ng tulong sa pribadong sektor na nagbigay sa huli ng pagkakataong lumahok sa industriya. Dito nagsimula ang mga pribadong kompanya na higit na kilala bilang independent power producers (IPP's). Dito rin nagsimula ang pagtaas sa singil ng koryente.

"Upang hikayatin ang mga dayuhang mamumuhunan na pumasok dito, pumayag sila [ang gobyerno] na kahit hindi gamitin ng gobyerno o konsyumer ang koryente na nagagawa nila, babayaran pa rin ito ng gobyerno," paliwanag ni G. Philip Arnold Tuaño, guro sa Kagawaran ng Ekonomiks. Dagdag pa rito ang malaking gastos sa pag-aangkat: malaking bahagdan kasi ng IPP's ny inaangkat na petrolyo na gamit sa paglikha ng koryente.

Nang hindi ganap na maipasa sa mamimili ang gastos sa produksiyon, sinagot ng gobyerno ang gastos sa petrolyo ng IPP's, dahilan upang mabaon sa utang ang NAPOCOR. "Bahagi ng mataas na presyo ng koryente natin ngayon ay dulot pa rin nito kasi nagkaroon ng utang ang NAPOCOR dahil dito," ani Tuaño. Dahil sa pagkakabaong ito at sa krisis sa koryente noong dekada '90, itinuring ng Asian Development Bank (ADB) at World Bank na hindi episyente ang pamamahala sa industriya ng enerhiya. Sa pagpapahiram ng ADB ng 300 milyong dolyar para sa pagsasaayos ng programa sa industriya, iginiit nito na gawing pribado ang sektor na nauwi sa pagsasabatas ng EPIRA. Kung dati, tanging sa generation lamang puwedeng lumahok ang pribadong sektor, ngayon sa EPIRA, may partisipasyon na rin ang pribadong sektor sa transmission at distribution. Hindi rin nabago ang polisiya ng NAPOCOR na pagbabayad sa koryenteng nalikha ng IPP's kahit hindi nakonsumo.

VOLTAGE V: OLIGOPOLYO SA SEKTOR NG KORYENTE

Sa lohika ng merkado at malayang kalakalan, ang kakayahang pumili ng konsyumer ang salik na makapagpapababa ng presyo ng isang komoditi. "Kung makakapili ka ng prodyuser, para 'yan sigurong bumibili ka ng mansanas sa isang pamilihan, kung saan makakapili ka ng pinakamurang mansanas na pabor sa gusto mo," paghahalimbawa ni Tuaño. Dulot ng kompetisyon, napilitan ang isang prodyuser na magbaba ng presyo ng ikinakalakal na komoditi upang tangkilikin ng konsyumer.

Sa prinsipyo ng kompetisyon nakabatay ang EPIRA, ngunit matapos itong maisabatas, pumalya ang mekanismo ng kompetisyon at napasakamay ng iilan ang industriya ng koryente. Paliwanag ng power campaign coordinator ng Freedom from Debt Coalition (FDC) na si G. Job Bordamonte, "Parte ng estratehiya nila [mga namumuhunan sa industriya ng koryente] 'yan. Huwag na tayong magtunggali, magbigayan na lang tayo. Gastos lang iyan [ang kompetisyon] at sakit ng ulo. Ba't naman hindi? So 'yan ang hitsura ng hatian (sa indstriya ng elektrisidad) natin."

BAKIT KA BABALIK SA GANOON KLASENG SITWASYON LALO PA'T ALAM NATING ANG POLITICAL ECONOMY NATIN AY HINDI STABLE?

Philip Arnold Tuaño, Kagawaran ng Ekonomiks

Dagdag pa ni Bordamonte, naging malaking salik ang cross-ownership sa pagiging oligopolyo sa sektor ng elektrisidad. Sa cross ownership, ang isang kompanyang nasa power distribution ay maaaring magpatakbo ng mga pasilidad para sa generation at transmission ng koryente. Sa ganitong sistema namamatay ang kompetisyon dahil maari na lamang bumili ang isang pasilidad para sa distribusyon mula sa kompanyang pagmamamay-ari ng parehong tao para sa generation at gamitin naman ang serbisyo ng isa pang kompanya niya para sa paghahatid nito. "So diyan nabubuo ang mga sweet heart deals. Sino ang kausap mo kapag nag-negotiate ka? Ang sarili mong kompanya," tinuran ni Bordamonte.

Ito ang itinuturong dahilan ni Bordamonte kung bakit nangingibabaw ang limang power player, na tinagurian ng FDC na "Voltage V." Kabilang dito ang Meralco ni Manuel V. Pangilinan na siyang pinakamalaking pasilidad para sa distribusyon sa Luzon; ang San Miguel Corporation ni Danding Cojuangco na mayhawak sa 30% ng power generation sa bansa; ang National Grid Corporation of the Philippines kung saan co-owner si Henry Sy ng SM at pangulo naman ang anak nitong si Henry Sy Jr., na siyang namamahala sa National Transmission Corporation (TransCo); at ang mga Lopez at Aboitiz na may cross-ow-nership sa napakaraming pasilidad ng paglikha at distribusyon ng koryente.

SA NGALAN NG KITA

Dahil sa oligopolyo sa industriya, nagagawa ng iilan na idikta ang presyo ng koryente upang mapataas ang kanilang kita. Matindi itong motibasyon lalo pa't wala na ang hangganan sa maaaring kitain ng mga manlalaro ng sektor. "Dati, may limit sa formula. Ang tawag diyan internal briefcase at base pa iyan sa dating batas na Public Service Commission Act na 12% ang pinahintulutan na limit ng isang utility [company] para magkaroon ng kita. Labindalawang porsiyento sa matagal na panahon," wika ni Bordamonte.

Walong taon matapos isabatas ang EPIRA, inalis ang probisyon na nagtatakdang maaari lamang na walo hanggang labindalawang porsyento ang maging tubo ng isang utility company at pinalitan ito ng bagong sistemang tinatawag na Performance-Based Regulation (PBR).

"Kasi ang PBR, ang pinakasimpleng paliwanag [diyan]: Ako [kunwari] ang Meralco.

KAYO [MGA NEGOSYANTE] ANG NANALO SA FRANCHISE NA IYAN, KAYO MAG-INVEST. KAYO ANG MAG-PROVIDE NG NEW INVESTMENT —BAKIT NINYO KUKUHANIN SA SA KONSYUMER?

Bordamonte

Maghahain ako sa ERC (Energy Regulatory Commission) ng business plan para itaas ang aking rate. Heto ang mga pangako ko—pagagandahin ko 'to, maglalagay ako ng ganito, atbp. 'Pag nakumbinsi ninyo [utility company] 'yang ERC, approved 'yan. [Kung] approved yan, may mga rate increases ka for a year," paglilinaw ni Bordamonte.

Aniya, sa ganitong paraan nagagawang magpataw ng napakataas na singil ng koryente ang mga utility company. Ibinigay na halimbawa ni Bordamonte ang Meralco na nakapagpapataw ng 16-24% rate ng tubo sa paniningil nito sa serbisyo.

Tinuligsa niya ang ganitong kalakaran sapagkat kinukuha raw sa konsyumer ang gastos sa pagpapalago ng serbisyo. Aniya, "Kayo [mga negosyante] ang nanalo sa franchise na iyan, kayo ang mamuhunan. Kayo ang maglaan ng panibagong puhunan—bakit ninyo kukuhanin sa konsyumer?"



Job Bordamonte

GOBYERNO O MERKADO?

Sa paningin ni Bordamonte, magpapatuloy ang pagtaas ng singil ng koryente sa umiiral na kalakaran sapagkat ang motibasyon ng isang mamumuhunan ay ang kumita. Kaya aniya, ang solusyon dito: ibalik sa gobyerno ang kontrol sa industriya ng koryente.

"Iba pa rin ang pananagutan kapag gobyerno ang may-ari [sa sektor]. Puwede nating singilin [kung may pagkukulang ang gobyerno] at mayroon tayong direktang ugnayan kasi pag-aari ng publiko. 'Pag pribado, wala na," tinuran ni Bordamonte.

Malamig naman si Tuaño sa suhestiyong ibalik sa gobyerno ang kontrol sa industriya ng koryente. Ipinakikita umano ng nagdaang dekada kung kailan nabaon sa utang ang NAPOCOR na hindi pa angkop na ibalik sa gobyerno ang kontrol sa naturang industriya.

"Bakit ka babalik sa ganoon klaseng sitwasyon lalo pa't alam nating ang political economy natin ay hindi stable?" tanong ni Tuaño. "Halimbawa siguro kung mayroon tayong gobyerno na totoong demokratiko at nakikita ang kapakanan ng mamayan, siguro maaari 'yon [ang pagbabalik sa gobyerno ng kontrol sa sektor], pero tila mahirap yata na gawin ito sa kasalukuyang sitwasyon."

KAPANGYARIHAN NG KONSYUMER

Higit na binigyang-diin ni Tuaño ang pagpapalakas sa partisipasyon ng mga konsyumer sa kooperatiba bilang tugon sa mataas na bayarin sa koryente. Sapagkat kooperatiba ang karamihan sa mga utility company, lalo na sa probinsiya, teoretikal na pagmamay-ari ang mga ito ng konsyumer at may kapangyarihan ang huli na lumahok sa pagpapatakbo ng kompanya.

"Ang problema lang naman kasi yata sa ating mga electric cooperative sa kanayunan, hindi masyadong malakas ang pag-oorganisa ng mga konsyumer na miyembro ng mga kooperatiba kasi ang mga nagpapatakbo ng mga kooperatiba, halimbawa, ay mga politiko sa lugar na iyon," wika ni Tuaño.

Isa ring solusyon na inilahad ni Tuaño ay ang pagpapatupad ng probisyong open access ng EPIRA. Kung susundan ito, makapipili ang mga konsyumer ng kanilang power generation company.

"Hindi pa substantially nagbabago 'yong presyo ng koryente dahil 'yong probisyon ng open access ay hindi pa talaga naipapatupad. Mayroon ba tayong paraan para makapili ng lowest cost producer? [Sa kasalukuyan,] ang gumagawa kasi ng desisyon na iyan ay ang distribution companies," ani Tuaño.



Philip Arnold Tuaño

Tinukoy naman ni Bordamonte ang nararapat magpatakbo ng industriya ayon sa FDC. "Sa tingin namin, diyan nagsisimula ang kahinaan ng batas—sa balangkas niya. 'Yang dating dapat serbisyo publiko na koryente, sa matagal na panahon, ngayon, nagiging negosyo sa pampribadong sektor," aniya.

Aniya, isang natural monopoly ang sektor ng koryente. Bilang ganoon, higit na episyente at mura na isa lamang na prodyuser ang magbibigay ng isang serbisyo sa mga konsyumer. Sa ganitong sitwasyon, karaniwang gobyerno na ang tumatayong prodyuser.

Sakali mang maipasa sa pribadong sektor ang isang industriyang natural monopoly tulad ng koryente, malaki ang tendensiya na magresulta ito sa oligopolistikong kompetisyon, dahil malaking puhunan ang kailangang upang makapasok sa industriya.

"Hindi puwedeng paghati-hatian iyan [ang power sector]. Iisa lang dapat [ang may kontrol]," tinuran ni Bordamonte. "Dapat ang gobyerno talaga ang mangalaga sa industriya. Serbisyo publiko iyan. "

Taliwas ito sa paniwala ni Tuaño. Hindi umano lahat ng aspekto ng industriya ng koryente ay natural monopoly. "Kasi sa transmission, maaari nating masabi na natural monopoly ito kasi isa lang naman talaga [dapat] ang linya ng koryente. Hindi naman puwede na marami ang linya ng koryente sa ating bansa," binigyang-diin ni Tuaño. Dagdag pa niya, "Distribution siguro, maaaring hindi maging natural monopoly. Pagdating naman sa power generation, hindi siya natural monopoly kaya maaaring pumasok sana 'yong kompetisyon."

May mga puwang man para sa partisipasyon ng pribadong sektor ang industriya ng koryente, ngunit ipinayo ni Bordamonte ang maiging pagmamatyag. "So may mga areas sa power industry na may role ang private companies, pero dapat, tinitingnan niya [gobyerno] sa balance ng interes [na] public pa rin ang makikinabang. Hindi katulad ng EPIRA [na] wala, bahala na kayo diyan," aniya.

ANO ANG SUNOD NA HAKBANGIN?

May kagyat na pagkakaiba man ng pananaw ukol sa sanhi at solusyon ng mataas na singil ng koryente isang dekada matapos maisabatas ang EPIRA, kapuwa nagkakasundo naman ang dalawang eksperto na malaki ang pangangailangang bisitahing muli ang mga probisyon ng EPIRA.

"Ang sa akin, baka dapat pasadahan ulit ang mga probisyon nito dahil siguro, tama ang prinsipyo na isapribado ito pero marami pang bahagi na dapat ayusin. Papaano ba natin mapapalakas ang regulation? Paano pa mapapapasok ang mga mamamayan?" pagdidiin ni Tuaño. Partikular niyang tinukoy ang pagpapalakas ng partisipasyon ng mamamayan sa sektor ng power transmission at pagreporma sa mga electric cooperatives.

Nakikita rin ni Bordamonte ang pangangailangan na rebyuhin ang EPIRA upang matiyak ang mga sanhi ng mataas na koryente. Habang isinasagawa ang pagsusuri, nararapat daw munang ihinto ang gina-

ANG SA AKIN, BAKA DAPAT PASADAHAN ULIT ANG MGA PROBISYON NITO DAHIL SIGURO, TAMA ANG PRINSIPYO NA ISAPRIBADO ITO PERO MARAMI PANG BAHAGI NA DAPAT AYUSIN. PAPAANO BA NATIN MAPAPALAKAS ANG REGULATION? PAANO PA MAPAPAPASOK ANG MGA MAMAMAYAN?

Tuaño


gawang pribatisasyon ng mga pagmamay-ari ng gobyerno.

At kung mapatunayang hindi talaga kayang isawata ng gobyerno ang oligopolyo sa koryente, angkop lamang umano na akuin na ng pamahalaan ang responsabilidad sa pagpapatakbo ng industriya. "Kung di mo kayang bigyang garantiya ang regulasyon sa isang deregulated privatized power industry, para kang nagpakamatay tinuran niya.

Sa huli, nakikita nina Bordamonte at Tuaño na sa mamamayan pa rin magsisimula ang kinakailangang pagbabago sa EPIRA.

"Tingin ko, unang-una, [kinakailangang] mas maging mulat ang mga tao sa mga isyung ito ukol sa estado ng koryente sa bansa. Tapos, iyon nga, organisahin ang mga tao," pahayag ni Tuaño. Sinang-ayunan naman ito ni Bordamonte. "'Yong magsasalita ang konsyumer sa media, mahalaga iyan. Misan nga, [ang] ordinaryong konsyumer [ay] nagrereklamo sa Facebook. [Sana] i-translate o i-transport ang sentences ng public [sa mas malawak na espasyo], pero siyempre kasama na rin prinsipyo at paninindigan ng bawat isa diyan," pahayag niya.

At sa mga sitwasyong hindi pantay ang ugnayan ng mga tauhan sa merkado—sa mga pagkakataong kayang lamangan ng negosyante ang mamimili—ang payo ni Bordamonte: "Maging mapanuring konsyumer. 'Yan ang kailangan."



Ano na nga ba ang mangyayari sa SM Blue?

PAGSUBOK SA PAGSUGOD

nina Robert Alfie S. Peña at Exequiel Salcedo; kuha ni Matthew Dumlao
lapat ni Geneve Guyano

"THAT'S very basic. Very, very basic." Ito ang sagot ni Dr. Edna P. Franco, Vice President for Administration and Planning ng pamantasan, nang tanungin kung naaayon ba sa batas ang pagkonsulta sa isang komunidad bago itayo ang anumang gusali.

Matatandaang nitong nakaraang Agosto, nagdaos ang komunidad ng Loyola Heights ng protesta sa Gate 2.5 ng pamantasan upang ipakita ang pagtutol nito sa pagbibigay ng exemption ng ika-17 Sangguniang Panlungsod ng Quezon sa SM Development Corporation (SMDC) sa pagtatayo nito ng SM Blue Residences. Kabilang sa mga nagprotesta ang Ateneo at ang Miriam, maging ang La Vista, Loyola Grand Villa, Villa Aurora, at Xavierville, na mga subdibisyon sa Loyola Heights. Tinutukoy ng exemption na ibinigay ng Sangguniang Panlungsod ang resolusyon blg. SP-4866 na epektibong nagtanggal ng saklaw ng mga restriksiyon ng ordinansa ng comprehensive zoning sa SM Blue.

Bago pa man ang protesta, nagkaroon na ng ilang mga pag-uusap na kinabilangan ng komunidad, pamahalaang lokal, at ng mga kinatawan ng SMDC. Ngunit hindi nagbunga ang mga ito ng anumang kompromiso sa panig ng SMDC upang mabawasan man lamang ang bilang ng palapag na mayroon ang gusali. Ang protesta noong Agosto ang naging pinakamalawak na aksiyon ng komunidad.

BALIK-TANAW

Ayon kay Dr. Franco, hindi man tiyak na nasasaad sa batas na kinakailangan sa pag-iisyu ng building permit ang isang konsultasyon sa nibel ng barangay, nararapat namang malaman man lamang ng komunidad na may gusaling ipatatayo ang SM Development Corporation (SMDC). Noong Oktubre 2010, alam na ng Barangay Loyola Heights ang tungkol sa hininging location clearance bilang patunay ng pagkakabili ng SMDC sa loteng pagtatayuan ng SM Blue Residences. Ngunit naiwan sa dilim ang barangay tungkol sa nilakad na exemption ng SMDC sa ika-17 Sangguniang Panlungsod noong Marso pa ng parehong taon.

KUNG GUSTO MO NG GOOD GOVERNANCE, HUWAG KANG MAGSABI DIYAN SA HARAPAN NG MGA CONSTRUCTION WORKERS. DAPAT DOON MISMO SA KONSEHO NG QUEZON CITY.

Gino Trinidad, Kagawaran ng Agham Politikal

Ayon sa ginawang ulat ng Sanggunian ng mga Mag-aaral dito sa Ateneo, Marso 5, 2010 nang isumite sa kalihim ng lungsod ang PR2010-109 at -110. Ito ay mga resolusyong nagbigay ng exemption sa SMDC upang hindi masaklaw ng ordinansa ng comprehensive zoning ang dalawa nilang proyekto. Ang unang exemption ay para sa 'Grass Residences' sa Sto. Cristo, Quezon City. Ang ikalawa naman ay para sa apat na gusaling tig-24 na palapag sa Mother Ignacia Avenue, Quezon City. Marso 8, 2010 naman nang isumite ang PR2010-111 na tungkol pa rin sa pagbibigay ng exemption sa comprehensive zoning, sa pagkakataong ito naman, para sa 'Blue Residences.'

Napag-alamang pare-pareho ang pagkakapasa ng tatlong resolusyon sa Sanggunian. Lahat sila ay ipinanukala ni Konsehal Antonio Inton Jr. habang si Konsehal Medalla, na sinang-ayunan naman ni Konsehal Victor Ferrer Jr., ang naghaing isuspende ang mga patakaran ng konseho o 'rules.' Nagbigay-daan ang suspensiyon sa pagkakapasa ng tatlong resolusyon sa pamamagitan ng 'omnibus motion.' Inihain din ni Konsehal Inton, na sinang-ayunan ni Konsehal Ferrer, na gawing kapuwa-tagapagpanukala ang iba pang konsehal. Wala namang tumutol dito. Sa huli, si Konsehal Inton pa rin ang naghaing ipasa na ang tatlong resolusyon sa ikatlong pagbasa. Sinang-ayunan naman ito nina Konsehal Ferrer at Malangen. Naipasa ang tatyong resolusyon, Marso 8, 2010.

Ayon sa ulat ng Ateneo Sanggunian, nakapagtataka kung mayroon ba talagang nangyaring debate pagkatapos ng mga pagbasa. Wala ring naitalang kinonsultang mga pag-aaral (na dapat ay ginawa ng City Planning Office) ang Sangguniang Panlungsod. Nakapagdududa umano kung napag-aralan ba talaga ang tatlong resolusyon dala na rin ng mabilis at walang pagtutol na pagkakapasa. Ang PR2010-111 halimbawa ay naipasa sa mismong araw ng pagkakasumite rito. Hindi rin umano kinonsidera ng Sangguniang Panlungsod ang mga komunidad na maaapektuhan, gaya na lamang ng Loyola Heights na tutol sa pagpapatayo ng SM Blue.

Partikular na binigyan ng exemption ng PR2010-111 (na naging SP-4866 noong naipasa na) ang SM Blue sa mga restriksiyon ng comprehensive zoning ukol sa bigat ng trapiko at regulasyon sa taas ng gusali. Ayon pa sa isang teknikal na komentong kinomisyon ng La Vista, hindi rin akma ang disenyo ng SM Blue sa Implementing Rules and Regulations ng National Building Code.

Nagsimula ang paghuhukay noong sumunod na mga buwan ng Nobyembre at Disyembre kahit pa Marso na ng kasalukuyang taon nang malaman ng komunidad ng Loyola Heights, na mayroon nang building permit ang SMDC na iginawad sa pamamagitan nga ng exemption.

TULIGSA

Layunin ngayon ng komunidad na ipawalang-bisa ng pamahalaan ang exemption na sila mismo ang nagbigay sa SMDC, at di umano'y hindi dumaan sa tamang proseso.

Sumulat din ang dating pangulo ng pamantasa na siFr. Bienvenido Nebres, SJ sa barangay at sa alkalde upang humingi ng kaukulang paliwanag at impormasyon sa mga proseso at pagsusuring dapat na pinagdaanan ng SMDC bago mabigyan ng permit. Ayon kay Dr. Franco, "naging dalawa ang concern ng Ateneo—unang-una, paano nabigyan ng exemption ang SMDC na magtayo ng 42-storey building samantalang ang zoning dapat nga 27? Tapos, wala pa silang consultation from the community."

Nagkaroon nga ng mga pag-uusap sa pagitan ng komunidad at ng SMDC. Minsan ding namagitan ang bise-alkalde ng lungsod. Ang problema umano, ayon kay Dr. Franco, ay walang awtoridad magdesisyon ang mga ipinadalang kinatawan ng SMDC. Walang pinatunguhan ang mga pag-uusap. "Napagod na kami. Sabi namin, e bakit pa tayo makikiusap kung wala rin namang mangyayari?" ani Dr. Franco.

Nito namang ika-18 Sangguniang Panlungsod ay naghain sina Konsehal Precious Castelo at Alfredo Vargas ng resolusyon upang mapawalang-bisa ang exemption. Ngunit sa kasamaang palad ay hindi rin ito umusad sa konseho. Ayon kay Konsehal Bong Suntay, hindi maaaring ipawalang-bisa ang nasabing resolusyon ng sinundan nilang konseho. Suheto pa niya, idaan na lamang umano sa korte ang kaso.



Ayon pa kay Dr. Franco, kinakailangan pang alamin kung ano ang dahilan sa gayong "undue preference" sa SMDC. Kung aksiyong legal naman ang pag-uusapan, pinag-iisipan ng komunidad na maghain ng reklamo sa Ombudsman laban sa mga kasapi ng ika-17 Sangguniang Panlungsod.

PAGSUBOK

Bagaman makikita ang pagkakaisa ng komunidad upang tutulan ang pagpapatayo ng SM Blue, ngunit hindi pa rin umano nasisisid ng protesta ang mas malalalim pang isyung kaakibat nito. Ikinatutuwa ni Gino Trinidad, guro sa Kagawaran ng Agham Politikal, na nagkaroon ng mobilisasyon. Ayon sa kaniya, ipinakikita nitong mayroong pakialam ang Atenista sa ganitong mga bagay-bagay. Ngunit kulang pa umano ito lalo na sa isang masalimuot na isyu tulad nito.

Para kay Trinidad, hindi pa rin nakatawag ng pansin ang mobilisasyon. Partikular niyang pinansin ang lugar na pinagdausan ng protesta, "Kung gusto mo ng good governance, huwag kang magsabi diyan sa harapan ng mga construction workers. Dapat, doon mismo sa konseho ng Quezon City." Hindi umano nakarating ang mensahe ng good governance sa mga taong pinatutungkulan nito—ang lokal na pamahalaan ng Lungsod Quezon.

Ayon pa kay Trinidad, bukod sa good governance, kailangan ding pagtuunan ng pansin ang iba pang mahalagang isyu. "Bukod pa siguro sa simpleng pagka-frame nito as good governance, bakit hindi natin tingnan 'yong mga kondisyon mismong nagpalala o lalong nagbigay-daan sa ganitong sitwasyon. Nakikita niyang kalakip na isyu ang kontraktuwalisasyon ng mga empleado ng SM.

Dagdag pa niya, "Ang problema ko doon sa pag-frame ng good governance, napakaimpersonal. Hindi natin tinitingnan 'yong isyu doon sa mga taong in the less. At tayo pa man bilang Atenista, men for others, 'yon pa naman 'yong gusto natin."

Ipinaliwanag din ni Trinidad na maaaring bunga ng pagiging "semi-private" ng Sangguniang Panlungsod ang naging desisyon nito ukol sa exemption. "Kailangan pangalagaan nila 'yong kabutihan ng publiko, pero sa kabilang banda, kailangan din nilang kumita." Ayon pa sa kaniya, "Hindi magiging ganiyan kayaman ang Quezon City at 'yong yaman ng QC ay nagiging 'force' para doon sa welfare ng mga tao. Siguro 'yon ang naisip nila." Kung magpapatuloy man ang komunidad sa konteksto ng good governance, nararapat lamang umanong paigtingin pa ang mga ginagawang aksiyon. Inihalintulad pa nga niya ito sa: "Parang pag-ibig lang 'yan e, kung may gusto ka, ilang beses mo ba siyang liligawan?" Dalawang prinsipyo umano ang mahalaga sa good governance, accountability at transparency.

HAMON

Sa kabila naman ng maraming pasikot-sikot na dinaanan nina Dr. Franco, suportado naman daw ito ng kasalukuyang pangulo. At hindi lang daw dapat ang Ateneo ang magbigay-linaw at makipaglaban, lalo na at usapin ito ng mabuting pamamahala, at pakikiisa sa kampanya ng kasalukuyang administrasyong ukol sa 'tuwid na daan.'

At nang tanungin kung ano ang nais na iparating sa SMDC, "Kung sabi niyo na good guys kayo, sana maging good guys [nga] kayo." Hiniling din niyang magkaroon ang SMDC ng corporate social responsibility, at hindi lamang ng interes sa pera. "Hindi na nila kailangan ng pera for sure, knowing how influential SM is. At least malaman ng mga tao kung ano'ng ginagawa nila."

Para naman kay Trinidad, ang iniwan niyang tanong ay: "Hanggang saan nga ba natin kayang lumaban sa mga estruktura ng kawalang katarungan?" ///

KUNG SABI NIYO NA GOOD GUYS KAYO, SANA MAGING GOOD GUYS NGA KAYO [SMDC].

Dr. Edna Franco, VP for Administration and Planning


Dr. Edna Franco

SIKIL SA SALAPI?

Ang usapin tungkol sa badyet ng mga organisasyon sa Ateneo

nina Mayo Floro at Jose Raphael Limiac; kuha ni Matthew Dumlao; lapat ni Eldridge Tan

ISANG bagay na kinaiinggitan ng ibang mga organisasyong pang-mag-aaral sa ibang pamantasan ang proteksiyon at suporta ng pamantasan sa mga kasapi ng Council of Organizations of the Ateneo (COA). Hindi maliit na bagay ang tulong pinansiyal na ibinibigay ng pamantasan bawat semestre sa mga organisasyon na bahagi ng COA. Datapwat, may iilang organisasyon na nakararamdam ng gipit o kalituhan sa sistemang pinansiyal. Mayroon din namang mga katanungan ukol sa student activities fee na ibinabayad bilang bahagi ng matrikula at kung saan napupunta ang sobrang pera ng mga organisasyon pagkatapos ng isang semestre.

STUDENT ACTIVITIES FEE

Kada semestre, nagbabayad ang bawat mag-aaral ng P440.45 para sa Student Activities Fee (SAF). Dito nanggagaling ang badyet ng ilang mga organisasyong pangmag-aaral sa loob ng pamantasan tulad ng Sanggunian, ng Confederation of Publications (Matanglawin, Guidon at Heights) [COP], ng COA Central Board at iba pang mga organisasyon sa pamantasan na kasapi ng COA. Mula rin sa SAF kinukuha ang badyet para sa ibang gawain ng tulad ng mga conference at leadership training. Bukod pa rito, sa SAF din nagmumula ang pondo para sa mga kinakailangang equipment ng mga organisasyon para sa kanilang mga silid o org room sa gusaling MVP, kung saan tumutuloy ang karamihan sa mga samahang pangmag-aaral.

Ayon kay Julie Bagasbas-Manalang, tagapamahala ng pananalapi para sa mga student groups, tinutuos ng Office of the Vice President for the Loyola Schools (VP-LS) ang SAF at ang OSA lamang ang nangangasiwa ng pondong nagmumula rito. Ani Bagasbas, mayroong mga sariling pangkat ang mga organisasyon dito sa pamantasan. Una rito ay ang mga "recognized student groups" na kinabibilangan ng Sanggunian, COP, COA Central Board, COMELEC at Student Judicial Court. Ang mga nasabi ay ang mga grupong ang pondo ay dumedepende sa SAF. Ang mga organisasyon sa loob ng COA naman ay halo. Ang mga pangkat sa ilalim ng COA ay nakakatanggap ng P15,000 na mula sa SAF para sa kanilang operational expenses, habang ang iba namang mga pondo ay nanggagaling na sa kanilang mga isponsor. Ang sumosobrang pera mula sa mga grupo sa loob ng COA ay napupunta sa kanilang debit credit balance (DCB) account na hawak ng Central Accounting Office (CAO). Hinihikayat din umano ng OSA na gamitin ng mga organisasyon ang naturang halaga na inilalaan sa kanila.

SAPAT NGA BA?

Kasalukuyang binibigyan ang bawat organisasyon ng labinlimang libong piso bawat semestre para sa operational expenses at nakalaan sa iba't ibang aktibidad ng samahan, gaya ng mga pangkalahatang pagtitipon o general assembly at mga seminar para sa pagpaplano at ebalwasyon na kadalasang ginagawa sa katapusan ng bawat semestre.

Para sa Sanggunian at COA Central Board na sila-sila rin ang nagpapanukala ng kani-kanilang badyet, sapat naman ang ibinibigay na aprubadong badyet. "Sapat. Hindi pa namin naaabot 'yong panukalang badyet namin" sabi Eldridge Tan, Finance Officer ng COA Central Board.

"Wala namang problema sa badyet. Sanggu naman ang nagbibigay ng proposal, inaaprubahan lang siya ng OSA. Ngayong taon, itemized din ang proposal at kailangan munang idepensa ng bawat unit ang mga nakalagay doon sa akin bago ko ipasa. Mas tipid na kami ngayon" sabi ni Steph Gumaru, Finance Officer ng Sanggunian.

Ayon kay Manalang, "Tama na ang 15k operational fee na binibigay ng Office of Student Affairs (OSA). Kinompyut ito dati pa noong panahon ni Bb. Pia Cevedo, nakaraang OSA director. Dati, iba-iba ang badyet bawat sektor. 10,000 para sa sector-based, 7,000 para sa business cluster." At ngayon, umano, ay gamit na gamit ang badyet. Noong nakaraan, may natitira rito at ibinabalik sa DCB at habang tumatagal, tumataas ang hinihingi ng mga grupo, lalong nagagamit ang badyet; ngunit hindi pa ito nagkukulang, ani Bagasbas.

IPIT

Ngunit, kahit na sapat na ang badyet, iba-iba pa rin ang tingin ng mga mag-aaral ukol sa sistema ng pananalapi.

MABUTI NA MAY CHECK AT BALANCE SA PANIG NG OSA. SIGURO MINSAN MASYADO LANG SILANG MATANONG UKOL SA BADYET. MAY MABUTI AT MAY MASAMA SA PAPEL NG OSA BILANG TAGAPAMAHALA NG PINANSIYA. MASYADO LANG MATAGAL 'YONG PROSESO.

Stephanie Gumaru, Finance Officer ng Sanggunian



SA BAHAGI NG CAO, BASTA APRUBADO 'YONG BADYET, WALANG PROBLEMA NAMAN SA PAG-RE-REIMBURSE. WALA RING PROBLEMA BASTA NASUSUNOD ANG MGA KAHINGIAN NG CAO.

Tina Cabudsan

Ayon kay Tan, "Wala naman kaming problema sa COA CB. Sa umpisa ng taon, sinasabi naman ng Central Accounting Office ang proseso. Nagagawan naman ng CAO nang maayos ang sistema, 3-5 na araw nila nagagawa ito. Sa panig ng mga mag-aaral nagkakaroon ng pagbagal. Minsan umaabot sa pitong araw bago nila pinapasa ang mga kailangang dokumento. Minsan kulang pa ang mga ito. Disiplina lang siguro ang kailangan sa panig ng mga mag-aaral."

"Walang problema. Isyu lang ng reimbursements lang talaga. May optimal procedure naman," ayon kay Ken Abante, pangulo ng COA.

Hindi naman sang-ayon si Gumaru kay Tan at Abante, "Mabuti na may check at balance sa panig ng OSA. Siguro minsan masyado lang silang matanong ukol sa badyet. May mabuti at may masama sa papel ng OSA bilang tagapamahala ng pinansiya. Masyado lang matagal 'yong proseso."

Hindi naman umano naiipit sa OSA at CAO ang mga papeles na pinansiyal ng mga mag-aaral. Ayon kay Manalang, "sa mga proposal, pagkatapos ng OSA, dadaan pa iyan sa ADSA tapos sa LS VP."

Ayon kay Tan, "Nag-usap kami ng CAO at ipinahiwatig nila na matagal ang pagkuha ng mga kailangang lagda bago umabot sa kanila ang mga papel kaya natatagalan."

PROSESO NG REIMBURSEMENT

Isang mahalagang bahagi sa badyet ng mga organisasyon ang reimbursement. Ayon kay Tina Cabudsan ng CAO, nagbibigay muna ang mga organisasyon ng mga budget proposals sa OSA upang aprubahan. Matapos maaprubhan, dadaan naman ito sa Associate Dean for Student Affairs (ADSA) at sunod naman sa Office of the Vice President for the Loyola Schools. Kapag naaprubahan, maari nang magkaroon ng reimbursement ang mga organisasyon.

Mayroong dalawang uri ng reimbursement; ang Petty Cash, para sa mga maliliit na transaksyon o iyong mga bababa sa P2,000, at ang Reimbursement Form, na para naman para sa mga transaksiyong lalagpas ng P2,000. Halos isang linggo ang itinatagal ng proseso mula sa paggawa ng request, na siya namang idinetalye ni Cabudsan. Iyon ay kung tama ang mga nakalagay na mga kaukulang patunay gaya ng mga resibo na kalakip ng mga papel para sa paghingi ng reimbursement. Maari pa itong matagalan kung hindi agarang maisasaayos ang mga kahingian. Pagkatapos ng pagbuo ng request, titignan ito ng direktor ng OSA na siya naming ibibigay sa opisina ng VP-LS. Sa wakas ay ihahain ang proposal sa CAO upang magawan ng tseke para sa reimbursement.

"Pero halimbawa 'yong mga malakihan, tulad ng leadership training seminar, gumagawa pa kasi muna roon ng request for subsidy. Kinakailangan nilang gumawa ng sulat, hindi kasi iyong agrang ibinibigay ng Ateneo. Ang pinakamalaking halaga na maaaring ibigay noon ay P31,500 kada semestre. Kapag naaprubahan na maaaring ibigay sa org 'yong reimbursement, o di kaya ay ang opisina [CAO] na ang direktang magbabayad sa venue, kung saan dapat iyong babayaran ng org," ani Cabudsan. Dagdag pa niya, hindi ito katulad ng mga reimbursement form na nagtatagal lamang ng mga isang linggo ang proseso. Karaniwang mas nagtatagal dahil sa pagklakataong ito, pirma mula sa tatlong tanggapan ang kinakailangan—mula sa OSA, Office of the Associate Dean for Student Affairs at ng VP-LS—bago dumating sa CAO. Ito ang karaniwang nangyayari sa malalaking transaksiyon, tulad ng pagbayad ng renta sa lugar at pagkain.

KAKULANGAN SA REIMBURSEMENT

Isa namang karaniwang nagiging sanhi ng mga usapin sa pananalapi ng organisasyon ang isyu ukol sa pagpapataw ng CAO ng withholding tax sa mga reimbursement na higit sa P2,000. Ilang porsiyento kasi ng perang inilabas ng organisasyon ang hindi naibabalik sa tuwing nagpapa-reimburse, na siya namang malimit na nagiging sanhi ng kalituhan sa mga talang pinansiyal ng mga organisasyon.

Ipinaliwanang naman ito ni Cabudsan. Aniya, "Dahil nag-reimburse kayo, kayo na 'yong nakipag-transaksyon at kumatawan sa Ateneo doon sa deal. Kaya ang mangyayari, ang makikita sa record ng BIR (Kawanihan ng Rentas Internas), na 'yong Ateneo nakipag-deal [sa regular supplier]. Kaya kailangan naman, in return, kami 'yong sa CAO, magwi-withhold ng tax doon sa binayad. Kaya nagkakaroon ng hindi pagtutugma."

Dagdag din ni Cabudsan na nabigyan ang mga organisasyon ng isang listahan ng ilan sa mga regular supplier ng Ateneo. Isa rin daw sa mga solusyon sa usaping ito ang pagbabayad ng tseke. Sa halip na salapi ang agarang ibinibigay, tseke ang inilalabas ng CAO sa mga reimbursement ng mga organisasyon upang hindi na mapatawan ng withholding tax at maiwasan ang pagkakaroon ng hindi pagtutugma sa halagang inilalabas sa pagbabayad at ang halagang naibabalik sa reimbursement.

"Sa bahagi ng CAO, basta aprubado 'yong badyet, walang problema naman sa pag-re-reimburse. Wala ring problema basta nasusunod ang mga kahingian ng CAO. Hindi kasi puwedeng resi-resibo lang. Talagang mas madalas na kailangan ng mga karagdagang patunay na dokumento, bago ka makapag-reimburse o makapaglabas ng kabayaran," ani Cabudsan.

TAMA NA ANG 15K OPERATIONAL FEE NA BINIBIGAY NG OFFICE OF STUDENT ACTIVITIES (OSA).

Julie Bagasbas-Manalang



KAGAT NG KATATAWANAN

Ang halaga ng komedya ng comedy bar sa kulturang Filipino, sa kabila ng mapanlait nitong anyo.

nina Rico Esteban at Iman Tagudina
kuha ni Rico Esteban
lapat ni Geneve Guyano

SA MGA LUGAR na ito, isa lang ang panuntunan: Bawal ang pikon. Trabaho lang, walang personalan.

Matapos ang buong linggo ng pagkayod, naghahanap ang karamihan ng lugar kung saan maaaring maglibang at magliwaliw. Sa dami ng pagpipilian, hindi mabibigo ang sinomang maghahanap. Isa sa karaniwang puntahan ang dinarayo hindi lamang para sa pagkain, kantahan, inuman at kuwentuhan, kung hindi para sa halakhakan—ang comedy bar.

LAMAN NG PUNTAHAN

Papasok pa lamang dito, agad nang maririnig ang malalakas na tawanan ng mga nagtatanghal sa entablado. Sa ilalim ng madilim at umaandap-andap na mga ilaw, makikita ang kumpol ng mga tao sa bawat mesa; lahat nakabaling sa entabladong halos walang disenyo maliban sa mga nagtatanghal. Sila lamang na balot ng marangya't magarbong kasuotan at makulay na kolorete ang nagsisilbing spektakulo sa payak na entablado.

Halo-halo ang tao sa loob. Hindi namimili ng edad ang lugar; may mga bata-bata pa't may matatanda. Marami-rami rin ang mga dayo: balikbayan at banyaga. Pami-pamilya sila kung dumating. Gayunman, ang karaniwang larawan ng manonood dito ay ang mga empleadong galing sa trabaho't nagpapalipas ng pagod.

Sandali lamang lalapit na ang serbidor na magbibigay ng menu. Kakatwa ang mga pangalan ng pagkain at inumin. Nakaiintriga dahil ang ilan sa mga iyon ipinangalan sa akto sa pakikipagtalik. May kamahalan ang presyo ng mga pagkain, malinaw na hindi basta-basta ang mga patron ng lugar.

Patuloy lang ang banat ng mga mananghal. Pinapausad ang palabas ng mga komedyanteng halos lahat bakla.
Slapstick ang komedya sa umpisa, hanggang sa manuot iyon sa mas personal na batuhan ng linyang may bahid ng kalaswaan. Patok naman sa manonood ang mga biro, hindi na alintana kung siya mismo ang pinagtatawanan. Maya-maya lamang matatapos na ang pares ng komedyante at hahalili ang susunod, sisimulan muli ang kantahan at maninibago ang batuhan ng linya.



TAMPOK NG ENTABLADO

Kani-kaniyang pagpapakitang-gilas ng mga pares—andiyan ang mga bumibirit sa pagkanta, nagdodoble-kara sa pag-awit at mga nagsisisayaw. Maaalinagan sa kanilang pagtatanghal na sanay na sila sa ganoong uri ng palabas. Kitang-kita rin kung paanong namamangha ang mga manonood sa kanilang husay.

Kaya nga may mga pagkakataon na humihiling pa ang manonood sa tagapagtanghal. Malimit, sa mga pagkakataong iyon, kusang-loob na nagbibigay ng tip ang humiling kapalit ng nais niyang numero. Ang ibang manonood nagbibigay ng isa o dalawang libo. Sa aming pagdalaw, mayroon ding nagbigay ng gift certificate ng isang kilalang motel, na malugod namang tinatanggap ng mga nagtatanghal.

Wala na ngang pag-aalangan sa entablado ng comedy bar. Bukas ang lahat. Nariyan ang pagbibiro ng isang manananghal tungkol sa kaniyang naging karanasan sa pakikipagtalik sa kaniyang kasintahan at sa iba pang niyang nakasamang banyaga. Imumuwestra pa iyon sa harapan. Iyong iba naman, may kinalaman sa kakatwang kuwento ng kanilang mga anak at iba pang kapamilya, na hindi lalayo sa mga problemang nararanasan ng karaniwang manonood.

Maraming usapan sa loob ng comedy bar ang maituturing na censored. Hindi para sa lahat, dahil na rin sa maliwanag na kalantaran ng buhay ng mga naroroon. Ngunit habang nasa entablado, parte pa rin ito ng palabas.

PALILIGO SA OKRAY

Pang-ookray ang pinakabatid na elemento sa mga palabas na ito. Malimit na rekado sa pagkukuwentuhan sa entablado ang pangungutya sa isa't isa—sa hitsura, kasarian, estado sa buhay, at iba pang personal na desisyon—at sa manonood na maaanyayahan.

Isa na rito ang nasaksihan namin na paanyaya sa isang puno ng isa sa mga kagawaran ng isang internasyonal na kompanya ng kompyuter. Kasama niya sa bar ang mga empleyadong inilibre niya. Nagsimula ang panlalait sa ulo – sa kaniyang pagkapanot at ang mga kakatwang dahilan kung bakit iyon naging ganoon. Bumawi naman ang mga komedyante sa pagpuri sa pagkadisente ng lalake bago ibaling ang kutya sa kaniyang tindig. Sunod-sunod ang insultong tinanggap ng inanyayahan habang ang lahat sa loob ng bar, maging ang mga empleyado niya, ay sabay-sabay humahalakhak dahil sa pang-ookray sa kaniya.

Ngunit sa kabila ng lahat, nakapagtataka na bakas sa mukha ng lalaking iyon ang tuwa at pagkamahinahon. Mababaw man ang sanhi ng tawanan, huling-huli naman ang kiliti ng marami sa mga manonood.

Sa pagiging patok ng mga birong pang-comedy bar, nagawa nang humulagpos ng kulturang ito mula sa mga bar at bahay inuman papuntang mainstream media. Marami sa mga palabas sa telebisyon ay masasabing ibinatay sa ganitong uri ng komedya. Halimbawa na lamang ay ang Comedy Bar (GMA) ni Allan K at Eugene Domingo, Banana Split (ABS-CBN), at siyempre ang mga kilalang palabas ng maituturing na pinakasikat na bunga ng comedy bar na si Vice Ganda, ang Showtime at Gandang Gabi Vice. Maliban pa sa kanilang namamayaning tema na batay nga sa konsepto ng mga comedy bar, makikita rin na ang karamihan sa mga hosts ng mga naturang programa ay mula din sa pagpapatawa sa mga entablado ng mga comedy bar.

Nadala marahil ng mga komedyanteng nagmula sa comedy bar ang kanilang estilo sa telebisyon. Gaya na nga ni Vice na nagtatawag ng panauhin saka hihirit ng pabirong insulto. Gaya rin ng reaksyon ng mga tao sa comedy bar, tuwang-tuwa ang lahat, kasama ang tampulan ng biro.

PAGPAPATAWA: PAGTAWANAN AT PAGTAWA

Ani Joy Viado, isang sikat na komedyante at tagapagtanghal sa entablado ng mga comedy bar, "Hindi dapat kasama [ang pang-ookray sa pagpapatawa] pero nagiging standard bread and butter na. Hindi uubra pag di sila nang-okray." Dahil dito, tila baga nagiging integral ng bahagi ng pagpapatawa ang panlalait.

Ganito rin ang paniwala ni Ariel Diccion, isang guro sa Kagawaran ng Filipino at nagtatanghal para sa Silly People's Improv Theatre (SPIT). Aniya, batay na rin sa kahulugan nito na "Folly of the Common Man" sa Griyego, ang komedya ay " [i]yong hindi magandang kinahihinatnan ng karaniwang tao." Dahil dito ang mahalaga umano sa pagpapatawa ang kakayahan ng tagapagtanghal na gamitin ag kaniyang personal truth bilang materyal.

Sa Improv Theater na estilong gamit ng SPIT makikita ito. Bumubuo ang mga tagapagtanghal ng karakter mula sa interaksyon nila sa mga manonood. Taliwas, sa comedy bar, labag sa kalakalan ng SPIT ang panlalait. Naniniwala ang grupo na hindi kailangang mag-asaran para magpatawa. Ani ni Diccion, "We make fun with our audience, we don't make fun of our audience."

Nakaugat sa prinsipyong ito ang pagkakaiba ng dalawa. Sa Improve Theater nariyan ang pamigil o barrier of performance habang malaya sa limitasyon ang sa comedy bar. Ito ang dahilan kung bakit walang okrayan sa nauna. Susog ni Diccion, "May mga kayang sumikmura [no'ng pang-ookray], bilang manonood at bilang subject. Magtatawanan sila sa sarili nila. Masisikmura mo ba 'yong hirap na ganoon pala ka-personal, kasi hindi siya performed? [Na] walang barrier ng performance?"

Sa patuloy na pag-usbong ng mga negosyong ito, pati na ng ganitong kultura mukhang handa ang lahat sa panonood ng masakit na realidad na hatid ng comedy bar. Patuloy ni Diccion, mas mas matindi ang kagat ng realidad sa comedy bars dahil "reality is at its rawness". Hilaw at dalisay ang komedya: walang harang at walang pagtatago.

ALAS TRES NG UMAGA: PAGBAGSAK NG TELON

Sakop mula ulo hanggang paa ng napiling biktima ang pipiliting pagtawanan ng mga tagapagtanghal. Panot na ulo, malusog na hinaharap, malapad na bewang, malaking mga binti – lahat ng ito pupunahin, sa harap ng maraming tao. Ngunit sa kabila ng lahat, nananatiling kalmado ang pinagtatawanan. Maaaring para sa kaniya hindi na ito bago dahil natural na naman na pansinin itong bahagi na ito ng pagkatao niya. O hindi kaya nama'y sa simula't sapul pa lamang ay malinaw na sa kaniyang isipan ang kaniyang pinasukan. Naihanda na nga niya marahil

ang sarili sa ganoong klase ng sitwasyong maaari niyang harapin sa oras na pumasok siya sa isang comedy bar. Animo'y isa iyong laro kung saan ang manlalarong mapikon ay talo.

Mula sa imaheng ito—isang uri ng pagtatanghal na nagpapatawa, nanlalait, at nagpapalait – at ang patuloy na pagtangkilik ng madla, interesanteng makita ang kulturang Filipino.

Ayon kay Manuel Enverga III, isang propesor sa Kagawaran ng Sosyolohiya at Anthropolohiya, patok ang ganitong komedya sa mga Filipino dahil sa pagiging likas ng panlalait na ito sa ating kultura. Aniya, personalistic ang kultura ng Filipinas, kaya kahit na mababaw na maituturing ang personal na pag-atake, may mas malalim itong pinaghuhugutan . Madaling nakukuha ng mga manonood ang pang-ookray dahil madaling pagtawanan ang panlabas na itsura ng tao o ang kung anupamang mga katangiang agarang makikita sa minsang pagtuntong sa entablado ng comedy bar. Dagdag ni Enverga, "Kung sinusubukan mong hulihin ang malaking bahagi ng manonood, iyon [ang panlalait] marahil ang isa sa mga painakamdaling paraan para magawa ito. Sa huli, nasa larangan pa rin naman sila sa pagpukaw ng atensiyon ng pinakamarami."

Likas na sa kulturang Filipino ang pagiging masayahin. Akmang-akma rito ang tawanang dala ng comedy bar. Ang estilo ng lugar, gamitin ang sakit para patawanin ang tao. Ani Viado, "Siguro, sa dami ng problema ng Filipinas kaya kailangan nilang(ng manonood) tumawa. Si Vice parang gamot—antibiotic, alam mo 'yon—kahit ano'ng joke [niya] kuha ng tao."

Naturingan nga ring isa sa pinakamasayahing mga bansa sa daigdig, ngiti at halakhakan ang isa sa mga sandata sa buhay ng ating sambayanan. Kung iuugnay naman ito sa pagtangkilik sa comedy bar, hindi naman agarang masasabi na pumapatok ang uri ng katatawanang ito dahil sa mapanlait na estilo ng pagtatanghal nitong taglay. Bagkus, dinarayo ito marahil upang makipagtawanan, tumawa, at magpatawa ng kapuwa.

Ngunit higit pa sa isang karanasan lamang ng panonood at pagtatanghal, ang pagpasok sa isang comedy bar, bilang mananangal man o manonood, ay isang karanasan ng pakikipagkapuwa-tao. Ang pagmamasid ng komedyante upang makahanap ng mga bagay na maaaring mapuna sa kapwa nagtatanghal o sa mga manonood, o di kaya ang manatiling kalmado sa harap ng pagiging tampulan ng tukso , pati na rin ang pakikisakay pa sa bawat hirit na maaaring makasakit bagaman pabiro ay humihingi ng matinding pang-unawa, pasensiya at pakikisama, maliban pa sa natural na kakayahang matawa at tumawa. Ang pagpunta at pag-upo sa harap ng entabladong iyon ay maituturing na isang partisipasyon hindi lamang sa isang palabas kundii pati na rin sa pagpapaigting ng relasyong pantao.

Sa bawat pagtungo rin sa comedy bar, hindi lang pawang halakhakan ang maririnig. Bagaman paglilibang pa rin ang namamayaning timpla sa bawat pagtatanghal, ang bawat hirit ay kaikitaan pa rin ng mga piraso mula sa tunay na mga karanasan sa araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong pananaw hindi maaring sabihin na eskapismo o tangkang pagtakas ang pagtunghay sa mga palabas sa comedy bar sapagkat walang nagagnap na pagtalikod sa realidad.

Sa halip, tinitingnan at ipinapakita lamang ang mga totoong pangyayari sa isang pananaw na isisnasabay sa katatawanan. Habang nakaharap sa mga tagapagtanghal, nakikinig sa realidad na minsan nakakailang o nakakahiya, hinaharap natin ang mga totoong kuwento ng ating kapwa. Pinag-iisa tayo ng tawanan sa isang bagay na madalas hindi maganda. Mas matindi lamang kagat ng usapan sa comedy bar dahil totoo. Ganoon man, ang kahulugan ng kagat na ito ang mag-iiba-iba.

Maraming komedyante ang magsasabi na gamot ang pagtawa ngunit ano ba ang tinutugunan nito? Pagkabagot? Kalungkutan? Kalagayan ng kapwa? Mananatili lamang bang punchline ang mga kuwentong naririnig sa comedy bar?

Ganoon lamang ba ang kagat ng komedya?




WE MAKE FUN WITH OUR AUDIENCE, WE DON'T MAKE FUN OF OUR AUDIENCE.

Ariel Diccion

NAKAIN KA BA NG ISDA?

Pagkailang at paninindigan sa wikang Pilipino

ni Christoffer Mitch C. Cerda
sining nina Dyan Francisco at Mich Garcia
lapat ni Geneve Guyano



Tala ng patnugot: Ang seksiyong ito ay isang natatanging bahaging nakalaan para sa kontribusyon ng mga mag-aaral, guro, akademiko, at mga kawani ng Ateneo. Inaanyayahan ng Matanglawin ang sinuman na magpasa. Maaaring ipadala ang kontribusyon sa Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201-202), o i-email sa matanglawin.ateneo@gmail.com

NOONG estudyante ako ng Filipino 12 sa unang taon ko sa Ateneo de Manila, takang-taka si Ma'am Jing Panganiban-Mendoza—nagtuturo pa siya sa Ateneo noon at hindi pa kasal—sa wika ko. Filipino naman daw, pero mayroong kakaiba. Inakala niyang "mali" ang kakaiba kong gamit ng Filipino kaya't binawasan niya ng puntos ang aking mga sanaysay na ipinapasa sa klase. Pero inilapit niya sa mga kapuwa guro ang kakaiba kong paggamit ng Filipino at doon naging malinaw na hindi istandard na Filipino ang ginagamit ko kundi isang diyalekto ng Tagalog, ang Tagalog-Laguna o Tagalog-San Pablo.

Paano nga ba naiiba ang Tagalog-San Pablo sa istandard na Filipino? Narito ang halaw ng isang biro mula sa isang kaibigan noong hayskul, na sa UP Los Baños nag-aral, tungkol sa diyalektong Tagalog-San Pablo na laganap sa Los Baños. Kung gustong malaman ng isang San Pableño sa isang bisita kung mahilig itong kumain ng isda, ganito niya tatanungin ang bisita, "Nakain ka ba ng isda?" Sa istandard na Filipino, kakatwa ang tanong na "Nakain ka ba ng isda?" Sa anyong ito, ang nangyayari'y sa halip na tanungin kung kumakain ba ng isda ang tinanungan, tinatanong ng nagtatanong kung KINAIN na ba ang tinanungan ng isda. Sa istandard na Filipino, higit na tamang gamitin ang "Kumakain ka ba ng isda?" Sa halimbawang ito'y litaw na litaw ang ibang paraan ng paglalapi namin para sa panahong pangkasalukuyan. Unlaping "na-" sa halip na gitlaping "-um-" na sinasabayan ng pag-uulit ng unang pantig ang ginagamit namin. "Napunta kami sa Jollibee pagkatapos magsimba tuwing Linggo" sa halip na "Pumupunta kami sa Jollibee pagkatapos magsimba tuwing Linggo." "Napasok ako sa Ateneo de Manila" sa halip na "Pumapasok ako sa Ateneo de Manila." "Nabagsak ako sa Math" sa halip na "Bumabagsak ako sa Math."

Bukod pa rito'y kakaiba rin ang paggamit sa ibang mga salita. Sa halip na "Tumawid ka ng kalsada," sasabihin namin ay "Lumiban ka na ng kalsada." Sa halip na "Nahulog ang panyo," sasabihin namin ay "Pumatak ang panyo." Sa halip na "Damputin mo ang panyo," sasabihin namin ay "Simutin mo ang panyo."

At bago pinansin ni Ma'am Jing itong paggamit ko ng diyalektong Tagalog-San Pablo, hindi ako malay na kakaiba ang paggamit ko ng wika. Ito naman kasi ang wika na ginagamit ko sa bahay buong buhay ko. Ito naman kasi ang wika na ginagamit ko sa pakikipagkuwentuhan sa mga kabarkada. Noon lamang nang pansinin ni Ma'am Jing ang wika ko ako naging malay na may iba't ibang uri ng Tagalog at walang iisang uri ng Tagalog na ginawang Filipino. Kaya kung tatanungin kung magkaiba ba ang Filipino sa Tagalog, masasabi ko lang, batay sa aking personal na karanasan, na "Oo, magkaiba ang dalawa."

KUNG KAYA NATING MAGING KOMPORTABLE SA INGLES, BAKIT HINDI NATIN KAYANG MAGING KOMPORTABLE SA FILIPINO?

Mula nito'y pinilit kong gamitin ang istandard na Filipino bagaman madalas, sa pagsusulat ko ng mga sanaysay at mga maikling kuwento, lumalabas pa rin ang aking pagkaprobinsiyano. Sa isang banda'y nailang ako sa katotohanang ito. Na nakatatak sa wika ko ang probinsiya ko. Hindi naman sa ikinahihiya ko ito. Nakakailang lang talaga. Tulad noong senior na ako, at habang paakyat ng hagdan sa Gonzaga at nakikipagkuwentuhan sa mga kasama sa senior's project (practicum pa ang tawag noon) ay bigla-biglang tumigil ang kasama naming Junior na tumutulong sa aming mga proyekto, at tinanong ako, "Probinsiyano ka ba?" Napatigil ako't tinitigan siyang nakakunot ang noo at sinabing "Oo. Laguna. Bakit?" "Wala lang," sabi niya, "may punto ka, e."

Hindi naman talaga natin pinipili ang wikang naitatanim sa ating kamalayan at nakasasanayan natin sa ating pagtanda. Malaking dahilan nito ang kaligirang sinilangan at kinalakihan natin. Sa kaso ko, ipinanganak ako sa San Pablo City, Laguna at lumaki sa tahanang ang sinasalita ay Tagalog. Bagaman Ingles ang tinitingala ng pamilya ko bilang wika ng sopistikasyon, tulad ng kahit na anong gitnang-uring pamilya sa Filipinas, hindi namin magawang mag-usap sa Ingles sa pang-araw-araw. Nanonood kami ng mga pelikulang Hollywood at mga popular na palabas mula sa Amerika pero ang pinakasinusubaybayan talaga sa bahay ay mga telenobela. Puno ang bahay ng mga libro sa Ingles pero natatawa kami kapag pinipilit naming mag-Ingles. Nakakikiliti lang talaga siguro sa dila ang isang banyagang wika. Kaya't kapag nagbabakasyon kami sa ibang bansa, lalong-lalo na sa Amerika, nakaiilang na magsalita at makipag-usap. Kaya't tuwing nagtuturo ako ng Filipino 10, ang realidad na ito, na maaaring ibang kaligiran ang pinanggalingan ng mga mag-aaral ko kaysa sa akin ang dahilan ng kanilang "kahinaan" sa Filipino.

Sa mga taon ko ng pag-aaral at pagtuturo sa Ateneo, aaminin kong hindi nawawala ang pakiramdam ng pagkailang bilang isang manunulat na nagsusulat sa wikang Filipino. Sa loob at labas ng akademya, nananatiling isyu pa rin kung bakit kailangang pahalagahan ang Filipino. Subalit walang bigat sa akin ang tanong na "Bakit kailangang magsulat sa Filipino?" Dahil hindi ito ang isyu para sa akin. Ayokong ulitin ang mga argumentong nagbibigay-pansin sa isyung nakatuon sa uri (Filipino bilang wika ng masa) at sa isyung makabayan (Filipino bilang wikang magbubuklod sa bansa). Nang magsimula akong magsulat sa Filipino, hindi ito ang isyu na nag-udyok sa akin na magsulat dito. Nang simulan kong seryosohin ang pagsusulat, bilang estudyante ng kursong BFA Creative Writing (CW), nagpasiya akong pangunahing magsusulat sa Filipino. Sa Ingles ko isinulat ang pinakauna kong maikling kuwento noong hayskul. Ulit, Ingles kasi ang wikang inakala kong dapat nagsusulat. Sa paaralan ko, kapag nagsusulat ka sa Ingles, astig ka. Pero pagdating sa Ateneo at nalamang pang-English 10 lang ang nibel ko, natauhan ako. Kaya't pinili kong magsulat sa wikang sanay na ako sa halip na sa wikang kailangan kong paghirapan pa sa pagsusulat.

Tila inosente at praktikal ang desisyon na iyon. Gawin ang madali. At higit na madali para sa akin ang magsulat sa Filipino sa halip na sa Ingles. Pero sa kahabaan ng pagiging mag-aaral ko ng Creative Writing, hindi rin pala ganoon kadali ang desisyon na iyon. Bagaman malaki ang pagpapahalaga ng Ateneo sa wikang Filipino—kalahati ng mga klase sa pilosopiya't teolohiya'y itinuturo sa wikang Filipino bukod pa sa mga klase sa Filipino—hindi pa rin nawawala ang pakiramdam ng pagiging etsa-puwera bilang CW major na nagsusulat sa Filipino. May laya ang mga mag-aaral ng CW kung Filipino ba o Ingles ang gagamitin nila at karamihan ng mga klase namin ay bilingual. Ngunit karamihan ng mga kaklase ko'y nagsusulat pangunahin sa Ingles kaya't sa tuwing may palihan at nahahalo ang gawa kong nakasulat sa Filipino, tila parating naliligaw ang mga akda ko sa gitna ng mga akdang Ingles. Nagsasabi ng pagkamangha ang mga kaklase ko na kaya kong magsulat sa Filipino at lalo lang nagiging kapansin-pansin ang pagiging iba ko. Sa kabilang dako nama'y may ilang klase sa pagsulat na sa Ingles lang puwedeng magsulat dahil sa mismong limitasyon ng guro na hindi bihasa sa Filipino o naka-slash ang kurso sa English Department. Sa kasong ito'y ako ang nakikibagay sa sitwasyon. Sa mga pagkakataong itong sapilitang nahahasa ang Ingles ko, lagi't laging bumabalik ang pagkailang.

Bakit nga ba kailangang pansinin at pahalagahan pa ang Filipino? Di hamak namang mas maraming oportunidad kung magsusulat na lang ako sa Ingles. Mas maraming magasin at lathalain na inilalathala sa Ingles kumpara sa Filipino. Sa impluwensiya na rin ng kolonyalismong Amerikano, halos lahat ng propesyonal na larangan, mula medisina hanggang abogasya, ay Ingles ang pangunahing wikang ginagamit lalo na sa pagkatuto ng mga larangang ito. Sa impluwensiya naman ng globalisasyon, malaki ang halina ng Ingles sa pang-ekonomiyang dahilan. Ang pagkabihasa dito ang kailangan sa pagpasok ng umuusbong at lumalagong BPO o call center industry. Sa pagtatrabaho sa ibang bansa, nakalalamang ka kung marunong kang mag-Ingles.

Ngunit kailangan ba talagang maisantabi ang Filipino para lamang sa Ingles? Kung kaya nating maging komportable sa Ingles, bakit hindi natin kayang maging komportable sa Filipino? Ang wikang ito ay bahagi ng bawat hibla ng aking pagkatao. Ito marahil ang pangunahing tunguhin ko sa pagtuturo ng Filipino: ang maging bahagi ng indibidwalidad ng mga mag-aaral ang Filipino gamit ang pagbabasa ng panitikan at pagsusulat. Iyong tingnan ang Filipino at ang panitikang nakasulat dito bilang isang mayamang bahagi ng kanilang sariling kultura. Kung makita nila iyon, masaya na ako. Tulad ng pagkakatagpo ng sarili ko sa wika at panitikan.

Ito ang ugat ng aking paninindigan sa pagsusulat sa Filipino at patuloy na pagpapakadalubhasa sa panitikan nito—ang personal na pagkakatagpo sa wika. Ito marahil ang problema sa pagtuturo ng Filipino sa mababa at mataas na paaralan. Sa pagtuturo ng wika, hinihimay ang iba't ibang bahagi nito na sa pang-araw-araw na gamit nama'y hindi natin iniisip. Hindi naman talaga natin nauunawaan ang kariktan at himig ng buhay na wika sa iba't ibang mga nakababagot na panuto't batas na itinuturo sa atin. Sa pagtuturo naman ng panitikan, higit na abala na magturo ng aral sa halip na bigyan ang mga akda ng personal, pampanitikan, historikal at politikal na pagpapahalaga. At sa didaktikong tunguhin, kumikitid ang pananaw sa mundo ng mga mag-aaral sa halip na palawakin ang kanilang kamalayan.

ITO NGA BA ANG WIKA NATIN KUNG HINDI NATIN ITO MAISALOOB SA PERSONAL AT INDIBIDWAL NA ANTAS?

Kaya't hindi kataka-takang tinitingnan ang wikang Filipino ng maraming nagtataguyod ng iba pang katutubong wika bilang isang pagpapataw. At marahil nagsisimula ang pakiramdam na ito sa silid-aralan. Idinidikdik sa ating isipan ang mga pandiwa, pang-uri, morpema at ponema nang walang pag-unawa kung bakit nga ba kailangang matutuhan iyon. Kailangang tingnan ang pag-aaral sa wika't panitikang Filipino bilang isang imbitasyon at hindi pagpipilit.

Inuulit-ulit at itinatatak sa isip natin noon pa man sa paaralan na mahalaga ang Filipino dahil ito ang "wika natin," na ito ang "wika ng bansa." Ito nga ba ang wika natin kung hindi natin ito maisaloob sa personal at indibidwal na antas? Ito nga ba ang wika ng bansa kung ilang na ilang tayong gamitin ito sa sarili nating bansa, bilang wika ng diskurso ng politika at pagsasabansa? Bakit walang pakiramdam ang karamihan na isang pagpapataw ang Ingles? Na bagaman ginamit ng mga Amerikano ang Ingles sa proyektong kolonyal nito ay hindi kolonyal na wika ang pananaw ng maraming tao sa Ingles? Nagiging propaganda at mekaniko ang argumento sa pagpapahalaga sa Filipino. Sinasabi nating mahalaga ito pero iba ang patakarang namamayani sa maraming antas ng lipunan, mula sa mga paaralan at pamantasan hanggang sa mga opisina ng pamahalaan at negosyo. Tanging sa mass media namamayani ang Filipino, sa iba't ibang palabas sa TV, mga pelikula at mga programa sa radyo. At bakit lumaganap ang Filipino sa mass media? Dahil tinanggap ng maraming tao ang imbitasyon ng mass media na dalhin sila sa iba't ibang lugar na puno ng fantasya, sindak at aliw.

Ngunit hanggang doon lamang ba ang Filipino? Sa pagsusulat ko sa Filipino o, kung namamanglaw ako para sa bayan ko, sa Tagalog-San Pablo, ginagalugad ko ang aking kamalayan sa wikang aking kinalakhan, unti-unting tinatanggal ang pagkailang sa aking damdamin. Sa pagtuturo ng Filipino, tinatangka kong imbitahan ang mga mag-aaral ko sa ganda't lalim ng Filipino, maging malay sa himig at kahulugan nito. Madalas sabihin ng mga mag-aaral ko na may "malalalim na salita" ang isang akda ngunit palasak lamang na pahayag ito na ang ibig sabihin ay "hindi ko maintindihan." Ito ang gusto kong baguhin sa kanilang kamalayan. Na hindi sila dapat mapako sa "kababawan," kung ano man ang ibig sabihin noon, sa wikang Filipino man o sa Ingles o sa mga katutubong wika. Na kapag sinabi nilang "malalim," malalim na pagkaunawa ang tinutukoy nila at hindi kakulangan ng pag-unawa. Na ang wika'y may lalim na dapat abutin at sisirin. Dahil sa dagat ng mga salita naghihintay ang mga talinghaga. At bagaman may panganib na malunod, walang isdang kayang kumain sa atin doon. M

Si Christoffer Mitch C. Cerda ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Ateneo.



Pag-ibig sa Hangganan ng Katotohanan

likhang-sining ni Mich Garcia
titik ni Brylle Madulara

Ayaw ko nang mahimbing pa
kung ang lahat ng ito'y pawang katotohanan,

Ayaw ko nang magising pa
kung sa pagdilat ko'y mawala ka nang tuluyan.

Magkita tayong muli sa aking paghimbing.

Ulan

Noel Clemente

Nagising ako—
umuulan...

Di mabilang
ang mga patak:
waring milyun-mliyong tabak,
inihahagis ng mga ulap
upang kitlin ang lupa

maingay, maingay...

Kasabay pa
ang ihip ng hangin:
susubuking ilihis
iyong mga tabak
kung saan-saan

'di ko maunawaan...

Hindi ko batid
kung kailan
at paano nagsimula
ang ulang ito,

lalong lingid
kung kailan huhupa:
kung kailan magbabati
ang ulap at lupa

ang tanging sambit ko—
malamig.

Lubid

Noel Clemente

Naglalaro ako
sa dalampasigan,
payapa ang buhangin
sa aking mga paa.

Biglang
may nakitang lubid,
mistulang galing langit.
Nasabik ako,
dinaklot ang dulo—
isa itong pakikipagsapalaran.

Umakyat ako,
talampakan, yarda, milya:
di ko matalos ang haba ng lubid,
at di rin aninag ang rurok.

unti-unti akong napagod,
hindi na maiangat
ang pagal kong braso
ngunit di rin makabitaw
sapagkat labis ang taas,
at ako'y tiyak na matitigok.


Mahigpit ang kapit
ng kamay sa lubid,
nabibilang ko na ang buhangin sa
ibaba—

nais ko nang manaog
magbalik
sa kaninang di alintana ang lahat.

Mangyari Lamang

Rico Abelardo

Mangyari lamang ay tumayo
ang mga nagmahal
nang makita ng lahat
ang mukha ng pag- ibig
ipamalas ang tamis
ng malalim na pagkakaunawaan
sa mga malabo ang paningin
mangyari lamang ay tumayo rin
ang mga nagmahal at nasawi
nang makita ng lahat
ang mga sugat ng isang bayani
ipadama ang pait ng kabiguan
habang ipinagbubunyi
ang walang katulad na kagitingan
ng isang nagtaya
mangyari lamang ay tumayo
ang mga nangangambang magmahal
nang makita ng lahat
ang kilos ng isang bata
ipamalas ang katapatan ng damdamin
na pilit ikinukubli
ng pusong lumaki sa mga engkanto at diwata
mangyari lamang ay tumayo
ang mga nagmahal, minahal at iniwan
ngunit handa pa ring magmahal
nang makita ng lahat ang yaman ng karanasan
ipamalas ang katotohanang nasaksihan
nang maging makahulugan ang mga paghagulgol sa dilim
at sa mga nananatiling nakaupo
mangyari lamang ay dahan-dahang tumalilis
papalabas sa nakangangang pinto
umuwi na kayo
at sumbatan ang mga magulang
na nagpalaki ng isang halimaw
at sa lahat ng naiwang nakatayo
mangyari lamang ay hagkan ang isa't isa
at yakapin ang mga sugatan
mabuhay tayong lahat na nagsisikap na makabalik
sa ating pinagmulan
manatiling masaya
at higit sa lahat magpatuloy
sa pagmamahal





matanglawin.org